Mula sa Uplook, 2003

J. B. Nicholson Jr.

Salin sa Tagalog ng “From Uplook, 2003”

© Uplook Ministries. Ginamit nang may pahintulot. Isinalin sa Tagalog ng KEE Philippine Missions.

KEE Ministry Library · Faithful Men
kee-ministry-library.netlify.app/tagalog/

Kaibigang Tunay (Enero-Pebrero 2003)

Mula sa Uplook, Enero-Pebrero 2003. Editoryal.

Hindi Siya isang malikmata!

Matindi at nakasisilaw ang liwanag ng araw sa disyerto; pinapuputla nito ang paligid, inuubos ang kulay ng buhangin at ng langit. Sa madaling-araw lamang at sa takipsilim nagkakaroon ang tanawin ng pula at gintong kulay ng araw. Ganyan din ba madalas ang pakiramdam sa ating buhay? Sa mga unang oras ng pagkabata, napakatingkad ng mga karanasan, dalisay at maliwanag ang mga kagalakan ng buhay. Pati ang maliliit nitong kalungkutan, gaano man kasakit, ay kadalasang napapawi ng isang halik. At sa kabilang dulo naman ng buhay, habang lumalapit ang mga anino, parang lumilinaw muli ang mga bagay na tunay na mahalaga. Ang mga mababaw na bagay—ang damit na isinusuot natin, ang pagkaing kinakain natin, ang ating mga palamuti at laruan—ay parang mas handa nang bumitaw sa atin. Habang humihina ang ating katawan at lumalabo ang mga pag-asa sa buhay na ito, napipilitan tayong bumalik sa mga simpleng kasiyahan, sa mga pangunahing pangangailangan, at sa lumalalim na katiyakan na ang ating limitadong mga araw ay dapat punuin ng mga bagay na pinakamahalaga.

Pero sa mga taon sa gitna ng buhay, parang inuubos ng malulupit na katotohanan ng karanasan ng tao ang sigla natin. Ang malakas na hangin ng kagipitan, ang mga bagyo ng damdamin sa loob natin, ang lalong tumitigang na mundo sa paligid natin, at ang nakasisilaw na ilaw ng

katarungan ng Diyos—lahat ng ito ay nagsasama-sama hanggang sa hinihingal tayo, naghahanap ng isang bagay na mas malaki kaysa sa ating sarili. Isang bagay na matibay na magiging kanlungan natin mula sa mga hanging walang tigil sa pagbabago. Isang bagay na kukupkop sa atin, isang daungan kung saan hindi tayo maaabot ng mga bagyo sa loob. Isang natatanging tubig, galing sa Mas Mabuting Lupain, na papawi sa uhaw ng ating tuyong kaluluwa. At ginhawa mula sa mga sinag ng liwanag ng Diyos na parang walang awa, na naglalantad sa atin—hindi sa kung ano ang akala ng mga tao sa atin, kundi sa kung ano talaga tayo. Gaano kalayo ang kailangan nating hanapin, ilang malikmata ang bibigo sa atin, ilang mainit na hakbang sa walang-awang buhanginan bago natin matagpuan ang ganoong lugar?

Ang patotoo ng mundo ay walang ganoong lugar. Pero salamat sa Panginoon, ang patotoo ng Diyos Mismo ay may isang Persona na eksaktong tumutugon sa mga pananabik na ito ng manlalakbay sa ilang.

Sa marami niyang larawan ng Mesiyas, inilarawan ng kinasihang "pintor ng salita" na si Isaias kung paano maibabalik ang kulay sa kaluluwang hinampas ng hangin, binugbog ng bagyo, tinuyo ng disyerto at sinunog ng araw: "At ang isang tao ay magiging gaya ng isang kanlungan sa hangin, at isang kublihan sa bagyo; gaya ng mga ilog ng tubig sa tuyong dako, gaya ng lilim ng malaking bato sa lupaing kapagalpagal" (Isa. 32:2).

Habang binabasa ko ang talatang ito, nararamdaman ko ang ginhawang dumadaloy at bumabalot sa aking espiritu. Inumin mo ang mga pinagpalang salitang iyan! Isang kanlungan…isang kublihan…mga ilog ng tubig…

ang lilim ng malaking bato…. Ang Taong ito na sinasabi ni Isaias ay talagang lahat-lahat ng kailangan natin sa paglalakbay! Naroon ang proteksyon at panustos, ang pagkain at ang lilim. Siya ang patuloy na katiyakan ng isang kanlungan mula sa nag-aapoy na mainit na hangin ng disyerto, at inilalagay Niya ang Sarili Niya sa pagitan natin at ng nakapapaso at nakabubulag nitong init. "Isang handang saklolo," ibinibigay Niya ang laging-handang kublihan kapag bigla na lang tayong inabutan ng di-inaasahang bagyo, mahina at walang masilungan. Pinapawi Niya ang ating uhaw mula sa ilog na dumadaloy mula sa Kanya Mismo, ang ating Batong hinampas. At kapag sa ating kapaguran—pagod marahil sa hirap ng daan, o mas malala pa, sa katigasan ng sarili nating puso—ay napaluhod tayo sa kawalan ng pag-asa, matatagpuan natin na ang "Batong sumusunod sa kanila" sa "malaki at kakilakilabot na ilang" ay handa pa ring magbigay ng pinagpalang lilim ng Kanyang Sarili bilang ating kanlungan.

Anuman ang iba pang aral na makukuha natin sa larawang ito ng kaibig-ibig na Tao ng langit, isapuso natin ang tatlong katotohanang nagbibigay-buhay. Una, malinaw na ang pangangailangan ay lahat nasa atin; ang panustos ay lahat nasa Kanya. Pangalawa, kapag pakiramdam ko'y parang tigang na disyerto ang aking kaluluwa, kailangan kong tumakbo patungo sa Kanya, hindi palayo sa Kanya. Wala pa Siyang tinanggihan kahit isa, at hindi Niya kailanman gagawin iyon. At panghuli, ang paglalakbay ay madalas mahaba at mahirap, pero tiyak na dadalhin tayo nito sa wakas sa isang lupain kung saan walang bagyong humahagupit, walang kapaguran na pumipighati sa mga naninirahan doon. At ang Taong tumawid sa disyerto kasama natin ay

sasalubong sa atin sa huling milya at ligtas tayong iuuwi sa Tahanan.

Ang Kinasihang Salita (Enero-Pebrero 2003)

Mula sa Uplook, Enero-Pebrero 2003. Artikulo.

Pinag-uusapan namin ng aking mga elder ang isang mahalagang bagay: Hanggang saan ang Biblia ay binuo sa mga salita ng mahuhusay na tao na "inihatid ng Espiritu ng Diyos," at hanggang saan pinili ng Diyos ang mismong mga salitang ginamit para ipahayag ang Kanyang isip? —Tanong mula sa Quebec

Nakakatuwang marinig ang tungkol sa pag-uusap ninyo ng inyong mga elder tungkol sa usapin ng pagkasi. Malinaw na masalimuot ito at, sa isang paraan, may hiwagang kaakibat nito na katulad ng sa Pagkakatawang-tao. Ang buhay na Salita at ang nasusulat na Salita ay kapwa pagsasama ng tao at ng Diyos.

Sa pangkalahatan, masasabi natin na ang buong Salita ng Diyos ay kinasihan at kinasihan ito sa bawat bahagi (verbal plenary inspiration). Kaya nga, "Ang langit at ang lupa ay lilipas, datapuwa't ang aking mga salita ay hindi lilipas" (Mt. 24:35). "At sumagot si Jesus sa kaniya, Nasusulat, Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawa't salita ng Dios" (Lk. 4:4). O tingnan ang pagkakaiba sa panalangin ng Panginoon bilang Dakilang Saserdote: "Sapagka't ang mga salitang sa akin ay ibinigay mo ay ibinigay ko sa kanila; at kanilang tinanggap...Ibinigay ko sa kanila ang iyong salita; at sila'y kinapootan ng sanglibutan, sapagka't sila'y hindi taga sanglibutan, gaya ko naman na hindi taga

sanglibutan" (Jn. 17:8, 14). Kapwa ang Salita at ang mga salita ay bigay ng Diyos.

Makikita ito sa Galacia, halimbawa, kung saan sa 3:16 ang buong argumento ay nakasalalay sa salitang "binhi" na isahan, hindi maramihan. Sa 4:9 naman, ang argumento ay batay sa anyong balintiyak (passive) sa halip na tahasan (active). Marami pang ibang halimbawa ng ganitong maingat na pagkakaiba ng mga salita.

Pero paano ba talaga ito nangyari? Dito sa tingin ko kayo at ang mga elder ay maaaring parehong tama nang sabay, pero tungkol sa magkakaibang bahagi ng Kasulatan.

May mga bahagi ng Kasulatan na ibinigay sa tuwirang pagdidikta: "Ganito ang sabi ng Panginoon..." Hindi na kailangan ng pagkamalikhain para lamang isulat ang sinasabi ng Panginoon. Ganitong uri ng pagkasi sa tuwirang pahayag ay nangyayari nang daan-daan, baka libu-libo pa nga, sa Biblia.

May mga bahaging ibinigay sa paraang kahit tapos na ang sumulat, hindi pa rin niya alam ang kahulugan nito. Isang halimbawa si Daniel matapos niyang isulat ang bahaging propesiya ng kanyang aklat: "At aking narinig, nguni't hindi ko naunawa: nang magkagayo'y sinabi ko, Oh panginoon ko, ano ang magiging wakas ng mga bagay na ito? At kaniyang sinabi, Yumaon ka, Daniel; sapagka't ang mga salita ay sinarhan at tinatakan hanggang sa panahon ng kawakasan" (12:8-9). Kaya malinaw na ang isinulat niya ay ibinigay sa kanya mula sa langit sa paraang naintindihan niya ang mga salita pero hindi ang kahulugan ng mga ito.

Mayroon ding mga bahaging hindi kinasihan noong una itong isinulat pero naging bahagi ng kinasihang Salita

nang sipiin sa Biblia. Ang mga kasinungalingan ng tao (halimbawa, ang sinabi ni David na kailangang madaliin ang utos ng hari—hindi naman siya inutusan ng hari), ang mga salita ng diyablo, mga sipi mula sa mga paganong makata at pilosopo (hal., Acts 17:28; Titus 1:12), at mga sipi mula sa mga aklat na apokripa ay hindi kinasihan noong unang sinabi o isinulat, pero naging kinasihan nang isama sa Salita—at naniniwala ako na ang mga sumulat ay "inihatid ng Espiritu Santo" para isama ang mga kasinungalingang ito, ang mga sinabi ng diyablo at ang mga paganong pilosopiya, kung hindi ay wala sana ang mga iyon doon.

Marami ring bahagi na malinaw na kinasihang Salita pero bunga ng pagpili ng Panginoon ng isang partikular na kasangkapan para gawin ang isang tiyak na gawain. Sa madaling salita, ginamit ng Diyos ang ilang tao para isulat ang ilang aklat dahil ang kanilang personalidad, bokabularyo, karanasan sa buhay, at iba pa, ang dahilan kung bakit bawat isa ay tamang tao para sa trabaho. Tiyak ako na kaya sanang lampasan ng Panginoon kung sino sila at kung paano sila magsalita para sabihin ang gusto Niyang sabihin—ginawa Niya iyon kay Balaam. Pero sa tingin ko magkakasundo tayo na magkakaiba ang pagsulat nina Pedro, Pablo, Santiago at Juan, at ang mga pagkakaibang iyon ay may ipinapakita tungkol sa kanila bilang tao.

Lalo na kapag binabasa natin ang mga sulat ni Pedro, nakikita natin ang mga karanasan niya sa buhay sa bawat pahina. Paano kaya maisusulat ni Pablo ang ganoong aklat? Kailangan sana niyang palaging banggitin ang buhay ni Pedro para ipaliwanag ang mga salitang gaya ng mga bato at ang Bato, ang pagiging "mga saksing nakakita ng Kanyang kamahalan" (2 Pet.

1:16) sa banal na bundok, ang pagiging gaya ng mga tupang naliligaw, at iba pa.

Kaya, oo, ang mga tao ay "inihatid" ng Espiritu Santo. At oo, ang Salita ang hiningahan ng Diyos. At "bawa't salita ng Dios ay dalisay" (Prov. 30:5). Pero sumisilip pa rin ang personalidad ng mga sumulat sa kanilang mga isinulat. Ang Aklat ay tao at Diyos, mga salita ng tao pero ang mismong Salita ng Diyos.

Tama kayo sa maingat na pagsasabi na ang mga banal na taong sumulat ay inihatid ng Espiritu at ang kinalabasang Salita ay hiningahan ng Diyos. Kaya kaya ng Diyos na gamitin ang kahit sinong tao para isulat ang kahit anong aklat? Kaya Niya, kung paanong tiyak na ginamit Niya si Balaam para pagpalain ang Israel (o ang kanyang asno para sawayin ang propeta!). Pero si Pablo ay "isang sisidlang hirang" dahil itinuring ng Panginoon na si Pablo ang tamang tao para ipahayag ang ebanghelyo sa mga Hentil.

Pinahahalagahan ko ang pag-iingat ninyo na hindi ako papiliin sa dalawang paninindigan. Kahawig ito ng problema kapag ang isang kapatid ay parang binibigyang-diin ang pagkatao ni Cristo o ang pagka-Diyos Niya at naisasantabi ang isa. Baka hindi niya sinasadya, baka hindi naman talaga niya ginagawa, pero maiintindihan mo kung bakit kinakabahan ang mga kapatid kapag ganito kahalagang mga doktrina ang sangkot.

Kaya nag-aalala ang inyong mga kapatid kung paano tinitingnan ang inyong ministeryo, at gusto nilang isipin ng iba na kayo ay maaasahan at tama ang doktrina. Posibleng magsabi ng isang bagay na totoo pero mag-iwan ng mali o nakababahalang impresyon. Kung

sasabihin kong ang Panginoong Jesus ay "hindi ligtas" sa krus, aayon ito sa talata, "Iniligtas niya ang iba; ang kaniyang sarili ay hindi niya mailigtas" (Mt. 27:42). Walang lalaking tupa na nasabit sa kasukalan na magiging kahalili Niya. Maaaring totoo ito sa isang diwa, pero maaaring lubhang makabahala sa mga batang mananampalataya na maaaring mali ang pagkaintindi. Kaya sa pagsasalita tungkol sa impluwensya ng mga sumulat na ito, kailangan nating laging idiin ang nangingibabaw na prinsipyo na ang buong proseso ay kontrolado ng Diyos sa paraang bawat salita ay siyang salitang gagamitin sana ng Diyos kung Siya Mismo ang humawak ng panulat.

Nagtitiwala ako na bibigyan kayo ng Panginoon ng mabuting pagkilala kung paano ninyo haharapin ang bagay na ito, at umaasa ako na ang mga talang ito ay makatutulong at hindi makahahadlang sa "pagkakaisa ng pananampalataya."

Paghahanap sa Buong Bansa (Marso 2003)

Mula sa Uplook, Marso 2003. Editoryal.

Ano ba ang hinahanap ng mga Kristiyano sa Vancouver at Toronto?

Tandang-tanda ko pa ang pagdalo ko sa mga kumperensya noong kabataan ko na ang laman lang ng puso ko ay isang di-maipaliwanag na pananabik, isang malabong gutom sa espiritu para sa isang bagay na wala sa akin. Kung tinanong mo ako kung bakit ako dumadalo, mahihirapan akong sabihin sa iyo. Higit pa ito sa dami ng mga mananampalatayang kapareho ko ng isip, sa magandang pag-awit, sa pag-asang may matutunan mula sa Salita. Baka ang hinahanap ko ay isang bagong paggising sa aking buhay-Kristiyano, isang bagong pagkaunawa sa isang bahagi ng Kasulatan (gaya ng Rom. 6–8) na magbubukas ng nakatagong kapangyarihan para mas magtagumpay ako sa buhay. Sa mga sandaling mas malungkot ang loob ko, baka sasabihin ko sa iyo na ang hinahanap ko ay isang yakap mula sa langit, isang yakap ng Diyos na magsasabi sa akin na hindi nagbago ang Kanyang pag-ibig, na may pag-asa pa para sa akin, na hindi ako nabigo nang ganoon kalala para tuluyan na akong isantabi.

Tuwing nagtitipon ang mga Kristiyano para makinig sa Salita ng Diyos, sa isang diwa—gaya ng madalas na ipinapanalangin—"ang mga pangangailangan ay kasing-iba-iba ng mga mukha." Pero malinaw na may pagkakapareho rin, maraming taong dumarating na may iilang pangunahing pangangailangan at pag-asa.

Nakalatag ba ang mga ito para sa atin sa isang lugar sa dakilang Aklat ng Diagnosis ng Panginoon?

Naisulat ko na dati na ang mga kumperensya ay ideya ng Diyos. Tinipon Niya ang Kanyang bayan noong una nang di-kukulangin sa tatlong beses isang taon para sa mga kapistahan at pag-aayuno sa Jerusalem. Bakit? At may kaugnayan ba ang mga dahilan ng mga kumperensya ng Israel at ang sa atin? Pansinin na ang unang apat ay mga kumperensya tuwing tagsibol; ang huling tatlo ay tuwing taglagas.

1. Nagtipon sila para alalahanin ang korderong pampaskuwa at na sila ay bayang tinubos. Tinawag itong "paskua ng Panginoon," at ibinabalik sila nito sa "pasimula ng mga buwan" nang sa iisang gabi ay naligtas sila mula sa poot, pagkaalipin at karukhaan. At ganyan din ang pinagpalang karanasan ngayon kung saan si Cristo ay "itinataas."

2. Ang Kapistahan ng Tinapay na Walang Lebadura ay nagdiin na ang bayang tinubos ay dapat ding maging bayang banal. Panahon na para magpakalinis. Pinag-ugnay ni Pablo ang unang dalawang dahilang ito gaya ng pagkakaugnay nila sa kasaysayan at gaya ng nararapat sa karanasan: "Alisin nga ninyo ang lumang lebadura, upang kayo'y maging bagong limpak, gaya ng kayo'y walang lebadura. Sapagka't ang ating kordero ng paskua ay naihain din, sa makatuwid baga'y si Cristo" (1 Cor. 5:7). Ang kabanalan ay isinisilang sa puso sa pamamagitan ng pag-ibig sa Kalbaryo.

3. Ang Kapistahan ng mga Unang Bunga ay hindi lamang palatandaan ng darating na anihan kundi paalala rin na lahat ng tinatamasa nila ay galing sa Panginoon. Ang kanilang handog na isang bigkis ay

nagpapahayag ng katotohanan na lahat ay pag-aari ng Diyos. Dapat ipahayag ng ating mga kumperensya ang katotohanan ng soberanong karapatan ng "Panginoon ng aanihin," at dapat nating ipagdiwang ang kagalakan ng anihang naging posible dahil kay "Cristo ang pangunahing bunga" (1 Cor. 15:23).

4. Iba ang kahulugan ng Pentekostes sa mga Judio sa Canaan kaysa sa unang Iglesya, "nang dumating ang araw ng Pentecostes" (Acts 2:1). Ito lamang ang kapistahang itinakda sa unang araw ng sanlinggo, pagkatapos ng ikapitong sabbath. Siyempre, ito ang kaarawan ng Iglesya. At napakahalaga na sa ating mga kumperensya ay muli nating pagtibayin ang ating pangako sa bagay na "inibig naman ni Cristo…at ibinigay ang Kanyang Sarili dahil dito" (Eph. 5:25).

5. Ang pag-alaala sa pamamagitan ng paghihip ng mga pakakak ay nagpahayag ng pasimula ng sibil na Bagong Taon (3500 taon na pala ang mga kumperensya tuwing Bagong Taon!). At kung paanong tiyak na hinihintay ng Israel ang panawagan na bumalik, gayon din naman hinihintay natin ang tunog ng pakakak ng Langit. Napakabuti sa ating mga kumperensya na sama-sama nating abangan ang pagbubukang-liwayway ng Araw na iyon na walang paglubog.

6. Ang pagtawag na ito sa pamamagitan ng pakakak ay nagpasimula rin ng Araw ng Pagtubos. Bagaman hindi eksaktong pareho, tumutugma ito sa moral na paraan sa Hukuman ni Cristo at sa pag-aayos ng ating mga bagay sa simula ng Mahabang Araw. Angkop na paksa ito para sa atin: ang pagharap natin sa Bema, at ang pangangailangang ayusin ang mga bagay bago pa iyon, kung maaari.

7. Ang Succot, ang pananahan sa mga kubol, ay tumuturo pabalik sa panahong ang Diyos ay "tumahan sa gitna natin," pero tumatanaw rin sa panahong sasabihin, "Narito, ang tabernakulo ng Dios ay nasa mga tao, at siya'y mananahang kasama nila, at sila'y magiging mga bayan niya, at ang Dios din ay sasa kanila, at magiging Dios nila" (Rev. 21:3). Iyan ang isang kumperensyang hindi magtatapos sa mga paalaman. At nakarehistro na ako para pumunta.

Mga Sundalong Putik (Abril 2003)

Mula sa Uplook, Abril 2003. Editoryal.

MUNTIK nang tama ang ideya ng emperador.

Mga kalahati ng panahon sa pagitan ng pagbaba ni Malakias ng kanyang panulat, na nagsara sa Lumang Tipan, at ng sandaling magpapakita sa lupa ang buhay na Salita, isang batang lalaki ang isinilang sa malayong China. Si Qin Shi Huang (259-210 BC), sa kanyang limampung taon na puno ng pangyayari, ang kinikilalang nagbuklod sa China at siyang unang emperador ng China. Ang kanyang sentralisadong pamahalaan ang nag-isa sa salapi, sa mga timbang at sukat, at sa wikang Chinese. Nagtayo siya ng network ng mga daan at pinagdugtong (gamit ang 500,000 manggagawa) ang malalaking muog ng pitong dating nagdidigmaang estado, kaya nabuo ang Great Wall. Sa kabuuan, nagpatrabaho siya ng dalawang milyong tao (mga 10 porsiyento ng populasyon ng China noon) sa pagtatayo ng iba't iba niyang dakilang proyekto.

Isa sa mga proyektong ito, gayunman, ay nakatago at hindi nakita hanggang isang araw sa unang bahagi ng tagsibol ng 1974. Tatlong lalaki mula sa Xiyang sa lalawigan ng Shaanxi (hindi kalayuan sa sinaunang kabisera ng China, ang Xi'an) ang naghuhukay ng balon sa gilid ng nayon. Tumama ang kanilang pala sa isang patong ng matigas na lupa. Naghukay pa sila at nahukay ang isang "taong palayok," solido ang mga binti at paa, at hungkag ang ulo at katawan. Hindi nila alam kung ano ang gagawin dito. Pero ipinaalam ito ng isang bumibisitang opisyal sa Beijing, at pagdating ng Hulyo

ng taong iyon ay nagsimula na ang paghuhukay ng mga arkeologo.

Sa sumunod na dalawang taon, sa tatlong malalaking hukay, natagpuan nila ang halos 8000 kasinlaki-ng-tao na mga mandirigmang terracotta kasama ang mga kabayo at mahigit 100 kahoy na karwaheng pandigma. Bawat sundalo ay natatanging likhang-sining. Bukod sa pinakahalatang pagkakaiba—ang puwesto nila sa unahan, sa gitna, sa mga gilid o sa likuran; at ang papel nila bilang mga mamamana, kawal na naglalakad, kawal na nakakabayo, tagapagmaneho ng karwahe, at iba't ibang opisyal—may mas pinong pagkakaiba pa. Iba-iba ang taas. Iba-iba rin ang timbang (napansin ko na sa pangkalahatan, kung mas mataas ang ranggo, mas mataba ang katawan!). Pero ang mga ekspresyon ng mukha ang nagpamangha sa akin. May mga mukhang masigla, parang naghihintay ng aksyon; ang iba naman ay seryoso, nag-iisip, tahimik. Kaya pa ngang hulaan ng mga antropologong Chinese kung saang bahagi ng China nanggaling ang marami sa mga sundalo. Ang hukbong terracotta ni Qin Shi Huang ay tinatawag ng ilan na "ang ikawalong kababalaghan ng mundo."

Hindi ko maiwasang maisip ang isang mas dakilang hukbong putik kaysa sa nakita ko malapit sa Xi'an. Naalala ko ang mga salita ng 2 Corinto 4:7 nang magsalita si Pablo tungkol sa mga kawal ng ebanghelyo na isinugo para sakupin ang mga puso para sa Tagapagligtas: "Datapuwa't taglay namin ang kayamanang ito sa mga sisidlang lupa, upang ang kadakilaan ng kapangyarihan ay maging sa Dios, at huwag sa amin." At ganyan nga na sa China ngayon ay nagbangon ang Panginoon, at patuloy na nangangalap, ng isang makapangyarihang hukbo ng mga

mananampalataya. Hindi gaya ng mga sundalo ng emperador na walang laman, ang mga mandirigma ng Hari ng mga hari ay pinaglalagyan ng pinakamayamang kayamanan ng mundong ito—ang maluwalhating plano ng kaligtasan. Mukha man silang marupok, bawat pagtatangkang basagin sila ay lalo lamang naglalantad ng kayamanan sa loob. Ang mga sumunod na salita ni Pablo ay parang isinulat tungkol sa lihim na hukbo ng Panginoon sa China: "Kami ay pinipighati sa lahat ng paraan, gayon ma'y hindi nangaiipit; kami'y nangatitilihan, gayon ma'y hindi nawawalan ng pagasa; pinaguusig, gayon ma'y hindi pinababayaan; inihahagis, gayon ma'y hindi nangamamatay; laging dala-dala sa katawan ang pagkamatay ni Jesus, upang ang buhay man ni Jesus ay mahayag sa aming katawan" (2 Cor. 4:8-10). Napakaraming kuwento siguro ang maikukuwento nila kung paano nahayag ang Panginoong Jesus sa kanilang paghihirap alang-alang sa Kanya!

Bagaman hindi kinikilala ng kasalukuyang pamahalaan ng China ang mga nasa di-rehistradong iglesya, tinatayang 75 hanggang 100 milyon ang bilang nila, kahit sa maingat na pagtantya. May ilang naglilingkod doon na nagsasabing hindi kalabisang isipin na, gaya ng araw ng Pentekostes, baka mga 3,000 ang naliligtas araw-araw.

Masasabi ko na ang mga Kristiyano sa China—na wala ng ating kayamanan, wala ng ating kalayaan sa relihiyon—ay mas mahusay na tumutupad sa Dakilang Utos kaysa sa mga mananampalataya sa Kanluran. Pero napakalaki pa rin ng patuloy na pangangailangan ng China. Ang populasyon nito ay nadaragdagan (sa kabila ng malawakang pagsisikap sa birth control) ng kasindami ng populasyon ng Australia bawat taon. Ilalapit sa inyo

ng iba't ibang artikulo sa isyung ito ang ilan sa mga pangangailangan hindi lamang sa China kundi sa iba pang lugar, at ilang tip kung paano magpatala sa hukbong terracotta ng Diyos.

Ang Uplook...Sa Wakas! (Abril 2003)

Mula sa Uplook, Abril 2003. Artikulo.

Kung bakit natagalan bago naipadala ang isyung ito.

Hayaan ninyong magsimula ako sa paghingi ng paumanhin sa mga taong ang mga anunsyo sa bahaging Front Lines ng magasing ito ay lampas na sa petsa. Sana ay hindi ito nakaapekto sa mga dumalo sa inyong kumperensya, at nagtitiwala ako na pinagpala ng Panginoon ang inyong pagtitipon sa kabila ng aking pagkaantala. (Magandang pagkakataon na rin ito para paalalahanan ang lahat ng nagpapadala ng balita na ipadala ito sa amin nang hindi bababa sa tatlong buwan bago ang inyong pagtitipon!)

Ngayon, kaunting paliwanag. Dahil sa mga pangyayari, kinailangan kong isulat nang mag-isa ang karamihan ng isyung ito tungkol sa China. Ayos lang iyon, at naglaan ako ng 10-12 araw para sa huling pagbuo. Ang hindi ko alam ay may ilang libing na darating. Dalawa sa mga ito ay medyo malayo at kinailangan ng ilang araw ng paglalakbay. Isang karangalan para sa akin ang dumalo at makibahagi, pero nangahulugan ito na ang magasing ito ay naiwang hindi nagalaw nang mahigit isang linggo. Kaya naisip kong gamitin ang isang pahina para ikuwento sa inyo nang kaunti ang tungkol sa dalawa sa kanila, mga espesyal kong kaibigan.

Sa nakaraang buwan, halos araw-araw ay nakatatanggap kami ng balita na may mahal na kaibigang umuwi na sa Panginoon. Walang duda, isang henerasyon ang lumilipas. Siyempre, hindi bago ang paglipas ng isang henerasyon. Isinulat ni Solomon: "Ang

isang lahi ay yumayaon, at ang ibang lahi ay dumarating; nguni't ang lupa ay namamalagi magpakailan man" (Eccl. 1:4). May hindi bababa sa dalawang bagay, gayunman, na nagpapatindi sa paglipas na ito.

Una, may nakagugulat na puwang sa hanay na kasunod mismo ng henerasyong lumilipas. Bihira sa pakikisama ng assembly ang mga nasa kanilang huling 50s hanggang huling 60s. Sa iilang dumadalo, mas kakaunti pa ang angkop na manguna. Maraming nagtatanong kung bakit ganito. Inaamin ko na hindi masayang gawain ang pagsusuri sa nakaraan. Pero makatutulong siguro ang ilang obserbasyon. Ang nawawalang henerasyong ito ay isinilang pagkatapos lamang ng dalawang Digmaang Pandaigdig at ng Great Depression; halos wala silang alam sa personal na hirap, naririnig lamang nila ito sa mga kuwento ng kanilang mga magulang.

Sila rin ang unang henerasyon na halos lahat ay nag-kolehiyo—tinawag man sila ng Panginoon doon o hindi, ganoon ang dating. Inaasahan iyon ng lipunan, at marami sa kanila ang sa kasamaang-palad ay pumunta roon nang hindi handa at walang sandata, patungo sa kanilang espirituwal na pagkatalo. Iyon ay mga araw bago pa dumating sina Francis Schaeffer, Josh McDowell, at ang Creation Science Research para sandatahan ang mga batang mananampalataya sa darating na pagsalakay. Pumunta sila na parang mga tupang inihagis sa grupo ng mga lobo. Marami ang nagtagumpay sa pag-aaral at, kalaunan, sa pananalapi, pero madalas ay naghirap sa espirituwal.

Idagdag pa rito sa pagsalakay sa isip ang laganap na pagkapoot ng kanilang mga kasabayan sa mundo. Ibinigay sa kanila ang lahat ng gusto nila, pero naghimagsik nang maramihan ang henerasyong iyon. Kontra sila sa lahat—kontra sa digmaan, kontra sa malalaking negosyo, kontra sa pamahalaan, kontra sa establisimyento, kontra sa mga institusyon, kontra sa moralidad, at kontra sa Diyos. Sa kanila ang henerasyon ng mga umiiwas sa draft, mga nagpoprotesta laban sa digmaan, mga humihithit ng marijuana, mga "love-in," ng situation ethics, ng pilosopiyang "patay na ang Diyos," at ng pag-angat ng rebelde bilang bayani ng bayan. Himala na may nakaligtas pa sa ating mga kabataan noong panahong iyon sa ganoong pagsalakay.

Pero hindi lang ang nawawalang henerasyon ang nagpapabigla at nagpapamahal sa paglisan ng mga matatandang Kristiyanong ito. Ito ay ang kalidad ng kanilang buhay. Hindi lang natin sila mamimiss bilang tao; nangangamba ako na mamimiss natin ang pagkakaroon ng ganoong uri ng mga Kristiyano sa gitna natin na mapagmamasdan, mapag-aaralan, at matutularan. Ikukuwento ko sa inyo ang dalawang kaibigang ito na umuwi sa Tahanan sa loob lamang ng ilang araw sa pagitan. Magkaiba ang kanilang buhay sa ilang paraan, pero pareho sila sa mga katangiang nagpahalaga nang husto sa kanilang henerasyon.

Si Ed Harlow, sa edad na 94, ay isinilang sa isang dulo ng panahong iyon, at si Bob McEachern, sa edad na 74, ay nasa kabilang dulo. Tumira si Ed sa Toronto, Chicago, New York, Africa at Florida, at naglakbay sa bawat kontinente ng mundo (maliban sa Antarctica). Si Bob McEachern naman ay bihirang maglakbay nang higit sa 100 milya mula sa kanyang tahanan.

Pampubliko ang ministeryo ni Ed—kabilang na ang gawaing misyonero sa Congo, ang pagsisimula ng pinakamalaking Bible correspondence school sa mundo, at, kasama ang kanyang masipag na asawa, ang pagtatatag ng isang publishing house na nanguna sa paggawa ng mga komentaryo sa Ingles na limitado ang bokabularyo para sa mga estudyante ng ESL. Tahimik at mapagpakumbaba naman ang ministeryo ni Bob—isang tapat na patotoo sa kanyang komunidad bilang tapat na negosyante at mahabaging kaibigan, tagapagpalakas-loob ng napakaraming kabataan, isang tapat na elder, at kasama ang kanyang mahal na asawa, isang mapagbigay na nagbibigay at mapagpatuloy na host sa daan-daang taong nagpapasalamat. Pero ikukuwento ko sa inyo ang isang bagay na pareho sa kanila.

Si Ed Harlow ay galing sa isang tahanang hindi lang nananampalataya kundi nagturo rin sa kanya ng katotohanan tungkol sa buhay-iglesya ng Bagong Tipan. Hanggang sa araw ng kanyang kamatayan—bagaman magiliw at bukas ang loob sa lahat ng bayan ng Diyos—masigasig siya kapwa sa ebanghelyo at sa katotohanan tungkol sa Iglesya. Sa isa sa mga huling pagkakataong nakausap ko siya, pinag-usapan namin ang tamis ng simpleng pag-alaala sa Panginoon bawat linggo, isang bagay na matagal na niyang ginagawa nang hindi ito nawawalan ng sariwa at kagalakan.

Si Bob McEachern naman ay hindi nakarinig ng ebanghelyo hanggang lumampas siya sa kanyang kabataan, pero nang manampalataya siya sa Panginoon, ito ang naging pag-ibig niya habang buhay. Hindi siya kailanman nakaget-over sa pagkaligtas sa kanya, at bawat linggo ay naroon siya sa kanyang lugar sa Hapunan ng Panginoon. Walang taglamig sa Canada na

sapat ang lupit para pigilan siyang dalhin ang kanyang pamilya sa mga daan sa probinsya papunta sa bayan tuwing Linggo ng umaga. Sa katunayan, papunta siya para makipagtipon sa mga Kristiyano nang dumating ang kanyang huling atake sa puso, "dahil," sabi niya, "naroon ang Panginoon."

May ilang napapangiwi kapag naririnig iyan. Huwag kang maging legalistiko diyan, sabi nila. Kapag naririnig mo ang ilang tao na nagsasalita tungkol sa "mga assembly," sabi nila, aakalain mong sila lang ang mga Kristiyano. Marami kaming kilalang mababait na mananampalataya na hindi nagtitipon sa paraang tulad natin, sabi nila.

Totoo. May ilang tao na nagiging mapagmataas at eksklusibo ang pag-iisip. May ilang tao na nagiging legalistiko. Problema na iyan mula pa noong panahon ng Corinto at Galacia. Pero ibig bang sabihin na kung mahal mo ang katotohanan at itinataas mo ito nang walang kahihiyan para makita ng lahat—dahil ang Iglesya ay dapat na haligi ng katotohanan, 1 Tim. 3:15—ikaw ay makitid ang isip o legalistiko? Sa tingin ko, hindi!

Sasabihin ko sa inyo, kayong susunod na henerasyon, ang isang lihim. Marami sa matatandang ito (kasama si Bob McEachern) ang nagbayad ng mabigat na halaga sa pag-iwan sa denominasyonalismo at sa simpleng pagtitipon sa pangalan ng Panginoong Jesus. Marami sa kanilang mga kamag-anak ang tumalikod sa kanila. Kung minsan, tumatawid ng kalye ang mga dati nilang kaibigan para iwasan sila. Alam nila na kahit saan ipinangangaral ang Salita ng Diyos nang may katapatan at katotohanan, naroon ang Kanyang Espiritu para

pagpalain ito. Pero naniniwala rin sila na ang Panginoon Mismo ay lumalapit sa tunay at natatanging paraan kapag simple silang nagtitipon "sa Kanya." Alam nila na maraming mahal at tapat na Kristiyano sa iba't ibang iglesya na nagtitipon sa ilalim ng iba't ibang pangalan, pero gusto nilang magtipon para sa Kanya lamang. Naniniwala sila na ang Panginoong Jesus lamang ang karapat-dapat sa lugar na iyon ng karangalan, at hindi nila ito ibibigay sa ibang tao, kahit madalas ay itinataboy sila dahil dito.

Sasabihin sa inyo ng mga nakakilala kina Bob at Ed na wala ni isang buto ng pagkamakasekta sa katawan nila. Pero mahal nila ang katotohanan at tinamasa nila ang patuloy na karanasan ng pagtitipon tuwing Araw ng Panginoon kasama ng iba para personal na makatagpo ang kanilang Tagapagligtas na mahal nila at para sabihin iyon sa Kanya.

Kung bubuuin ko kung ano ang pinahalagahan ko kay Dr. Harlow at kung paano niya ako naimpluwensyahan, ito ay sa dalawang salita: alab at bisyon. Naintindihan niya na ang bisyon ay hindi pagkamalikhain ng tao kundi ang pagtingin sa mga bagay sa paraan ng Diyos. Nakita niya ang malaking larawan: sa mga salita ng Panginoong Jesus, "Ang bukid ay ang sanglibutan" (Mt. 13:38).

Hindi siya nawalan ng pokus. Tinawagan ko siya noong nakaraang taglamig at sinabi ko, "Ed, gusto kitang dalawin. Ano ang pag-uusapan natin?"

"Sabihin mo sa akin kung paano mapupuno ang buong mundo ng babasahin tungkol sa ebanghelyo," sagot niya agad nang walang pag-aatubili. Sa edad na 94!

Lagi siyang mukhang kalmado at mahinahon, pero sa kaluluwa ni R. E. Harlow ay may nag-aalab na

pagmamahal para kay Cristo, sa Kanyang Iglesya, sa Kanyang Salita, sa Kanyang bayan. At hindi kailanman namatay ang apoy na iyon. Ngayon, kailangan natin ang susunod na henerasyon na isantabi ang kanilang sariling mga plano at plano sa karera para hayaang sindihan ng Panginoon ang kanilang apoy, para makita ang bisyon ng isang nangangailangang mundo, at ilagay ang kanilang isip at pera at lakas—lahat-lahat—sa altar para sa ating karapat-dapat na Panginoon.

Kapag naiisip ko si Bob McEachern, naiisip ko ang tunay na init ng pakikitungo at kagiliwan. Sumasalamin sa kanyang mukha ang liwanag ng Panginoon. Kapag kaharap mo siya, alam mong kasama mo ang isang mapagpakumbabang lingkod na nag-iingat ng kanyang sarili sa pag-ibig ng Diyos (Jude 1:21). Pinapanabik ka ni Bob na mamuhay gaya niya: "…sa kagandahang-loob at sa katapatan sa Diyos, hindi sa makalamang karunungan kundi sa biyaya ng Diyos, kami ay namuhay sa sanglibutan" (2 Cor 1:12).

Lubos nating mamimiss ang mga lalaking gaya nila. Pero salamat sa Diyos, hindi pa huli para sa ating lahat na sumunod sa kanilang yapak.

Bumangon, O mga tao ng Diyos;
Iwan na ang mga bagay na mas mababa;
Ibigay ang puso at isip at kaluluwa at lakas
Para paglingkuran ang Hari ng mga hari.

Ang Iglesya sa Europa (Abril 2003)

Mula sa Uplook, Abril 2003. Artikulo.

Kailangan na ba nitong magtago?

Lumalaki ang trend sa mga bansa sa Europa na hamakin at ipagbawal pa nga ang ilang anyo ng Kristiyanismo sa ngalan ng paghihigpit laban sa mga kulto. Maraming taga-Europa ngayon ang nagtatanong sa sarili kung ano ang dapat nilang gawin para mapanatili ang kanilang paniniwala nang walang panghihimasok ng kanilang pamahalaan. Para sa ilan, ang sagot ay ang magtago at kumilos nang palihim. Ang mga grupong Kristiyano na walang tradisyonal na presensya sa mga bansang iyon ang pinakatinatamaan ng mga bagong batas na ito. Ang mga iglesyang Katoliko, Luterano, Anglikano at Ortodokso, na matatag nang nakatayo sa maraming bansa sa Europa, ay karaniwang hindi ginagalaw. Pero maraming grupong Evangelical, Pentecostal at non-denominational ang tinitingnan na ngayon bilang mga kulto at posibleng banta.

Sa unang bahagi ng taong ito, gumawa ang France ng hakbang para kontrolin ang mga gawain ng ilang grupong panrelihiyon sa pagpapasa ng kanilang batas laban sa mga kulto. Ginagawang krimen ng batas ang "mental manipulation." Sinumang mapatunayang nagkasala ng pagdudulot ng "isang kalagayan ng sikolohikal o pisikal na pagkasakop na bunga ng seryoso at paulit-ulit na panggigipit o mga teknik na idinisenyo para baguhin ang paghatol" ay haharap sa limang taong pagkakakulong. May kapangyarihan din ang mga korte na buwagin ang mga grupong panrelihiyon at magpataw ng mabibigat na multa.

Kasama rin sa bagong batas ang pagbabawal sa pag-aanunsyo o pagbubukas ng mga sentrong panrelihiyon malapit sa mga paaralan, ospital o tahanan ng matatanda. Bawal din ang pag-target sa kabataan. Sabi ng isang pastor, "Kung gusto naming magkaroon ng children's church, Sunday school, puwedeng ituring iyon na pag-impluwensya sa mga menor de edad. Kung maglilingkod kami sa matatanda, pambibiktima raw iyon sa mga mahihina. Kung gusto naming magkaroon ng panahon ng pananalangin at pag-aayuno, tinitingnan iyon na pagkakait ng pagkain at tulog." Malaki ang takot na baka gamitin ang batas na ito para tuluyang ipagbawal ang pag-eebanghelyo. Ang paulit-ulit na pagtatangkang ibahagi ang ebanghelyo sa isang tao ay maaaring ituring na krimen.

Hindi lang France ang bansang nag-iisip na ituring na kulto o sekta ang mga grupong Evangelical. Sa ilang bahagi ng Switzerland, ang tahanan ng repormador na si John Calvin at isang bansang ang watawat ay 700 taon nang simbolo ng pananampalatayang Kristiyano, nararanasan din ng mga Evangelical ang ganitong pagbalikwas. Ang mga grupong hindi kaugnay ng tradisyonal na mga organisasyong Katoliko o Protestante ay itinuturing na mga sekta, at maraming iglesyang Evangelical ang nakita ang sarili na inilalarawan ng media bilang mapanganib na mga kulto. Ang mga iglesya sa Sweden naman ay humaharap sa malaking kontrobersiya dahil sa batas na maaaring pumigil sa mga pastor na magsalita nang negatibo tungkol sa homosekswalidad. Ang isang sermon sa iglesya na naglalarawan sa gawaing homosekswal bilang kasalanan ay "maaaring" ituring na kriminal na pagkakasala sa ilalim ng bagong batas. Sinumang

mahatulan ay haharap sa hanggang dalawang taong pagkakakulong.

Ang Belarus ang nagpasa ng pinakamapang-aping batas sa lahat ngayong taon sa pagbabawal sa mga gawaing panrelihiyon na hindi rehistrado. Hinihingi ng bagong batas na lahat ng babasahing panrelihiyon ay aprubado muna. Ipinagbabawal din ng batas sa mga dayuhan ang pamumuno sa mga organisasyong panrelihiyon, nililimitahan ang paglalathala at edukasyon sa malalaking grupo ng pananampalataya lamang, at ipinagbabawal ang lahat maliban sa paminsan-minsang maliliit na pagtitipong panrelihiyon sa mga pribadong tahanan.

Mahigit isang dosenang bansa sa Europa ang naghahanap ngayon ng paraan para pigilan ang mga grupo ng pananampalataya. Nakatatawa pero ang bansang may pinakamalaking lihim na iglesya—ang China—ay nagmamasid ngayon sa mga pamamaraan ng Europa at nagtatala. Tinitingnan pa nga ng mga lider ng China ang mga batas ng France bilang modelo sa pagbabantay sa mga gawaing panrelihiyon sa hinaharap sa sarili nilang bansa.

Kaugnay na mga Link:

<http://www.cbn.com/CBNNews/CWN/030102FranceCults.asp>France Passes Controversial Anti-Cult Law—CBN

<http://cbn.org/CBNNews/CWN/120602europe.asp> The Coming Underground Church in Europe—CBN

<http://www.christianitytoday.com/ct/2002/009/15.22.html> ‘Hate Speech’ Law Could Chill Sermons—Christianity Today

<http://news.christiansunite.com/religion/religion02654.shtml>Belarusian President Signs New Law To Make Religious Oppression Official—ChristiansUnite

Ang Hamon ng China (Abril 2003)

Mula sa Uplook, Abril 2003. Artikulo.

Binabalewala mo ba ang ikaanim na bahagi ng populasyon ng mundo?

Natikman ko lang ang kaunti mula sa napakalawak na handaan ng mga damdamin, impresyon, at karanasan na siyang China. Kaya ang maikling pagsusuring ito ay magbibigay lamang sa inyo ng saglit na sulyap sa lupain at sa mga tao nito. Hindi ko layuning magbigay ng detalyadong kuwento ng paglalakbay kundi ng ilang katotohanan na makatutulong sa inyong ministeryo ng pananalangin para sa mga Chinese at para sa misteryosong lupaing ito.

Ang mga hamon ng China ay kasinlaki at kasinsalimuot ng populasyon nito. Pakiusap, manalangin habang nagbabasa.

Ang Hamon ng Bilang

Isa sa bawat anim na tao sa mundo ay Chinese. At tinatayang pagdating ng taong 2025, ang populasyon ay maaaring umabot sa 2 bilyon.

Dagdag pa sa hamon, ang karamihan ng mga tao sa China ay nakatira sa mga nayon sa probinsya, nakakalat sa kanayunan, kaya mas mahirap silang abutin kaysa sa mga nasa malalaking lungsod. Kahit gamitin ang pinakamaluwag na estadistika, mahigit isang bilyon pa rin ang mga naliligaw na kaluluwa sa China, mga kaluluwang "minamahal sa Itaas."

Gayunman, kung ipagpapalagay na may 75 milyong mananampalataya sa China, kung bawat tunay na

Kristiyano roon ay makapagbabahagi ng ebanghelyo sa mga 18 magkakaibang Chinese, maaabot ng ebanghelyo ang buong bansa!

Ang Hamon ng Wika

Para sa mga sanay sa medyo simpleng mga alpabetong ginagamit sa karamihan ng mundo, nakakatakot ang pagkasalimuot ng sistema ng mga karakter na Chinese. Sa klasikong Chinese, bawat karakter ay batay sa isa o higit pa sa 214 na radical (tinatawag ding primitive o ugat). Ang mga radical na ito ay nakaayos ayon sa pagkasalimuot, mula isa hanggang labimpitong guhit.

Kasama sa wika ang mga 600 pictograph (kabilang sa grupong ito ang karamihan ng mga radical), na mga pinasimpleng larawan ng isang bagay, at 700 ideograph na binuo sa pagsasama ng dalawa o higit pang pictograph para makabuo ng bagong karakter. Idagdag pa riyan ang 20,000 pang phonetic na karakter na nabuo sa pagsasama ng mga radical na pinagsama dahil sa tunog nila at hindi dahil sa kahulugan.

Bagaman pinasimple ni Chairman Mao nang kaunti ang wika, nakalilito pa rin ito sa mga dayuhan at nangangailangan ng malawak na pag-aaral para maging sapat ang husay sa pagbabahagi ng ebanghelyo.

Idagdag pa rito Ang Hamon ng Pagbasa. Dahil ang ikaapat na bahagi ng populasyon ay hindi marunong bumasa ng sarili nilang wika, lalo pang nadaragdagan ang hirap ng pagtatatag ng matibay na gawaing evangelical, lalo na sa kanayunan.

Ang Hamon ng Pulitika

Ang makabagong kasaysayan ng China ay isang mahabang pakikibaka para sa karaniwang mamamayan. Matapos matalo ang Nationalist Revolutionary Army ni Chiang Kaishek at tumakas ito sa Taiwan, ipinahayag ni Mao Zedong ang pagkakatatag ng People's Republic of China noong Oktubre 1, 1949. Sa mga taong 1950s at 1960s nangyari ang unang Five Year Plan, ang Great Leap Forward, at ang Cultural Revolution, nang ilunsad ang Red Guard, na nagsara ng mga unibersidad, pumatay ng mga intelektuwal, at nagtangkang burahin ang nakaraan ng China. Pagkamatay ni Mao, nagkaroon ng agawan sa kapangyarihan sa pagitan ng mga "moderate" at mga radikal, hanggang sa wakas ay naitatag ng "moderate" na si Deng Xiaoping ang isang Standing Committee ng Chinese Communist Party na may anim na miyembro noong 1977.

Habang isa-isang bumabagsak ang mga rehimeng Komunista sa silangang Europa, dumami ang panawagan para sa demokrasya at personal na kalayaan sa China. Umabot sa sukdulan ang kaguluhang ito sa madugong masaker sa Tiananmen Square noong 1989, isang pagtatangkang supilin ang hangaring makawala sa hulmang Komunista.

Gayunman, habang patuloy na binubuksan ng China ang mga pinto nito sa mga negosyo ng Kanluran, nakikita rin nito ang tumataas na pag-asa ng mga mamamayan nito para sa mga kalayaan ng Kanluran.

Parang tinanggap na ng China ngayon ang halos lahat ng maiaalok ng Kanluran—maliban sa Kristiyanismo. Bagaman opisyal na ateistiko ang Komunismo, pumayag ang rehimen sa mapayapang pakikipamuhay sa ibang

relihiyon—Islam, Taoism, Buddhism, at iba pa. Opisyal nitong kinikilala ang "Three Self Patriotic Movement," isang network ng mga iglesyang pinahintulutan ng estado, pero patuloy nitong inuusig ang mga ayaw pumailalim sa pamahalaang Komunista bilang ulo ng Iglesya (isang katawa-tawang paninindigan, sa totoo lang).

Ang Hamon ng Kultura

Sinasabi ng mga Chinese na ang kanilang kasaysayan ng kultura ay umaabot pabalik nang 4500 taon. Pero noong panahon ng Zhou (c. 1100-221 BC), sa panahon ng paglitaw ng Confucianism, lumitaw ang konsepto ng "mandate of heaven" (utos ng langit). Kilala ang China sa sarili nitong mga tao bilang "The Middle Kingdom" dahil itinuturing itong nakaupo sa pagitan ng langit at lupa, na may karapatang mamuno sa ibang mga bansa. Sinumang nagnanais magdala ng ebanghelyo sa mga Chinese ay maaaring humarap sa saloobing, "kami ang mga tao."

Ang mga Chinese ang nakaimbento ng papel noong mga AD 100. Inimbento nila ang block printing noong ika-9 na siglo, ang moveable press noong ika-11 siglo; at pagdating ng 1750 ay mas marami na silang nailimbag na aklat kaysa sa pinagsamang buong mundo. Ang kanilang galing sa pagtatayo, sa paggawa sa metal, sa agrikultura, at ang kanilang mga agham at pilosopiya ay nag-iiwan sa atin ng konklusyon, gaya ng sinabi ng isang beteranong misyonero, na ang ebanghelyo lamang ang maibibigay natin sa kanila.

Ang Hamon ng Doktrina

Isang positibong epekto ng rehimeng Komunista na nagsisikap supilin, o kahit limitahan man lang, ang pagpapahayag ng relihiyon sa bansa ay ipinagbawal nila ang mga kultong Jehovah's Witness at Mormon (bagaman aktibo sila sa Hong Kong). Gayunman, may sariling bahagi ng maling turo ang Iglesyang Chinese, kasama ang mga lokal na erehiya gaya ng "Lightning in the East," "Ling-ling," "Established King" at "Cold Water."

Lalo pang hindi tiyak ang katatagan ng doktrina ng Iglesya roon dahil sa napakaraming bagong nananampalataya (sabi ng ilan, mga 3000 araw-araw—Pentekostes araw-araw!). Bukod diyan, kakaunti ang mabubuting babasahin para sa pagtuturo ng Biblia at limitadong-limitado ang bilang ng mga guro at pastol para sa mga bagong nananampalataya. May magiting na pagsisikap na magpasok ng mga Biblia at babasahing Kristiyano mula sa Kanluran at gumawa ng parehong nakalimbag na babasahin at mga CD na may mga pantulong sa pagtuturo ng Biblia sa loob mismo ng China. Mayroon ding mga Biblia, para sa mga handang makipagsapalaran, na mabibili sa mga "Three Self" na tindahan ng aklat sa China. Pero ang pangangailangan ay mas malaki kaysa sa makukuha sa kasalukuyan.

Kahit nailimbag na ang mga materyales, idagdag pa rito Ang Hamon ng Pamamahagi. Kapag handa na ang materyales, paano mo ito ipamamahagi sa buong bansa at ligtas na maipaaabot sa kamay ng mga nangangailangan, nang hindi sila inilalagay sa panganib dahil sa pakikisalamuha sa mga taga-Kanluran? Dito natin nakikita ang pangangailangan ng isang soberano

at nangangasiwang Diyos na kayang protektahan ang Kanyang kawan mula sa mga lobo at dalhin ang luntiang damo sa Kanyang maliliit na tupa.

Ang Hamon ng mga Manggagawa

Kailangan ng China ang ebanghelyo at pagkatapos ay ang pagtuturo ng Biblia para sa mga tumatanggap ng mabuting balita ng langit. Saan siya makakakita ng mga makatutulong sa kanya sa napakalaking hamong ito?

Lubos tayong nagpapasalamat para sa mga regular na nakikipagsapalaran sa paglalabas-pasok sa China na may dalang tulong para sa mga mananampalataya roon. Pakiusap, ipanalangin ang kanilang kaligtasan at ang tagumpay ng kanilang mga paglalakbay, hindi lamang papasok sa China kundi sa iba pang nangangailangang bansa sa timog-silangang Asya.

Mayroon ding grupo ng mga Kristiyanong negosyante at guro (lalo na ang mga nagtuturo ng English bilang pangalawang wika) na may tuloy-tuloy na pagkakataon sa personal na patotoo dahil hinahanap doon ang kanilang mga kasanayan, serbisyo o produkto. Bigyan nawa sila ng Diyos ng mga pagkakataon, katapangan, at karunungan para kumilos nang mabuti "gaya ng mga tupa sa gitna ng mga lobo" upang sila ay maging "matalino gaya ng mga ahas, at walang malay gaya ng mga kalapati" (Mt. 10:16).

Tatanggapin Mo ba ang Hamon?

May isang uri ng lingkod para sa China na lahat tayo ay kuwalipikado: bilang mga mandirigma sa panalangin. Ang ganitong tulong ay hindi nangangailangan ng paglipad, visa, pagtawid sa hangganan, pag-aaral ng wika o palihim na mga pagtitipon. Sa aking paglalakbay

8. Sa krus, ang Panginoong Jesus ay naging, o kusang-loob na "ginawang," apat na kahanga-hangang bagay: "...si Jesus... na ginawang mababa ng kaunti kaysa mga anghel dahil sa pagtiis ng kamatayan, na pinutungan ng kaluwalhatian at kapurihan, upang sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos ay lasapin niya ang kamatayan dahil sa bawa't tao" (Heb. 2:9). "Datapuwa't nang dumating ang kapanahunan, ay sinugo ng Diyos ang kaniyang Anak, na ipinanganak ng isang babae, na ipinanganak sa ilalim ng kautusan, upang matubos niya ang nangasa ilalim ng kautusan, upang matanggap natin ang pagkukupkop sa mga anak" (Gal. 4:4-5). "...na siya, bagama't nasa anyong Diyos, ay hindi niya inaring isang bagay na dapat panangnangan ang pagkapantay niya sa Diyos, kundi bagkus hinubad niya ito, at nag-anyong alipin, na nakitulad sa mga tao: at palibhasa'y nasumpungan sa anyong tao, siya'y nagpakababa sa kaniyang sarili, na nagmasunurin hanggang sa kamatayan, oo, sa kamatayan sa krus" (Phil. 2:6-8). "Tinubos tayo ni Cristo sa sumpa ng kautusan, na siya'y naging sumpa dahil sa atin; sapagka't nasusulat, Sinumpa ang bawa't binibitay

sa punong kahoy: upang ang pagpapala ni Abraham ay dumating sa mga Gentil kay Cristo Jesus; upang tanggapin natin ang pangako ng Espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya" (Gal. 3:13-14).

Kapag Nagsisi ang Isang Makasalanan (Setyembre 2003)

Mula sa Uplook, Setyembre 2003. Artikulo.

Maikling paglalarawan ng "ganito kadakilang kaligtasan" (Heb. 2:3).

Ang kaligtasan ayon sa doktrina

Ang ebanghelyo ay "ganito kadakilang kaligtasan" dahil sa—

• kanyang Banal na Pinagmulan, sapagkat ito ay "ang ebanghelyo ng Diyos" (Rom. 1:1).

• kanyang Walang-Kapantay na Paglalaan, sapagkat ito ay "ang ebanghelyo ng Kanyang Anak" (Rom. 1:9).

• kanyang Batayan sa Hula (Rom. 1:16), sapagkat ito ay "ang ebanghelyo ni Cristo [ang Mesiyas]" na ipinangako noon pa.

• kanyang Pagiging Bukas sa Lahat, sapagkat ito ay "ang ebanghelyo ng biyaya ng Diyos" (Acts 20:24) na "napakita sa lahat ng tao."

• kanyang Kahanga-hangang Bunga, sapagkat ito ay "ang ebanghelyo ng kapayapaan" (Rom. 10:15).

• kanyang Nagbibigay-Liwanag na Pahayag, sapagkat ito ay "ang maluwalhating ebanghelyo" (2 Cor. 4:4) o "ang ebanghelyo ng kaluwalhatian ng mapagpalang Diyos."

Ano ang saklaw ng ebanghelyong ito?

1. Pag-aaring-ganap (Justification): ito ang hudisyal na gawa ng Diyos kung saan ipinahahayag Niyang matuwid

ang sumasampalataya kay Cristo. May dalawa man lang na pangunahing aspeto ito:

i) pagpapatawad sa parusa ng kasalanan: "Na mga inaring-ganap na walang bayad sa pamamagitan ng kaniyang biyaya sa pamamagitan ng pagtubos na kay Cristo Jesus" (Rom. 3:24).

ii) pagbibilang ng katuwiran sa atin: tayo ay "hindi lang pinatawad sa mga nakaraang kasalanan, kundi binigyan pa ng tunay na katuwiran" (Theissen).

2. Pagbabagong-buhay (Regeneration): ito ang pagbibigay ng buhay ng Diyos sa makasalanang sumasampalataya; ang maipanganak "mula sa itaas."

i) pakikipagkasundo; naibalik ang pabor ng Diyos: ang pagtatamasa ng pakikisama sa mga Persona ng Trinidad dahil tayo ay "tinanggap sa Minamahal."

ii) pagpapakabanal: ang malalaking pagbabago sa buhay na nangyayari sa pamamagitan ng Espiritung nananahan na ngayon sa atin, ang proseso kung saan talagang ginagawang matuwid ang mananampalataya.

3. Pagkupkop bilang anak at Pakikiisa kay Cristo:

i) Pakikiisa kay Cristo: Pansinin ang tatlong kahanga-hangang bunga: walang-hanggang katiyakan (Jn. 10:28-30); pagiging mabunga (Jn. 15:5); at ang pagkakaroon ng mga kaloob na espirituwal para sa ikayayaman ng Katawan (Eph. 4:15-16).

ii) Pagkupkop: ang pagpaplano sa atin bilang anak sa walang hanggan (Eph. 1:5); ang paggawa sa atin bilang anak sa oras ng kaligtasan (Gal. 4:5); ang paglalagay sa atin bilang anak sa "paghahayag" (Rom. 8:23).

Ang kaligtasan ayon sa karanasan

Paano "lumalapit kay Cristo" ang isang makasalanan? Iba't iba ang paglalarawan—tumingin at mabuhay, magsisi at sumampalataya sa ebanghelyo, tanggapin Siya, atbp.—na lahat ay tumutukoy sa iisang pangunahing gawa ng makasalanan, pero maikling sinabi ito ni Pablo: "Na nagpapatotoo sa mga Judio at gayon din sa mga Griego ng pagsisisi sa Diyos, at ng pananampalataya sa ating Panginoong Jesucristo" (Acts 20:21). Ano ang mga bahagi ng pagbabalik-loob?

1. NALIGTAS SA BIYAYA (tingnan ang Eph. 2:5). Tumutukoy ito sa hindi pinaghirapang kagandahang-loob at paglalaan ng Diyos para sa mga nilikhang naghihimagsik.

2. NALIGTAS SA PAGSISISI AT PANANAMPALATAYA (Mk. 1:15). Ibig sabihin, pagtalikod sa kasalanan at pagbaling sa Diyos para maligtas.

3. NALIGTAS SA PANANAMPALATAYA (tingnan ang Lk. 7:50). Ito ang walang-lamang kamay na iniaabot para tanggapin ang kaloob ng Diyos; pananampalatayang dumarating sa tunay na pakikinig sa Salita.

4. NALIGTAS SA KANYANG DUGO (tingnan ang Rom. 5:9). Ito ang banal na pambayad na inilaan: tayo ay "tinubos... ng mahalagang dugo ni Cristo."

5. NALIGTAS SA KANYANG BUHAY (tingnan ang Rom. 5:10). Ang patuloy na gawang nagsimula sa sandali ng kaligtasan at nagpapatuloy hanggang tayo'y maging katulad ni Cristo.

6. NALIGTAS SA PANGALAN (Acts 4:12). Iisa lamang ang Tagapagligtas; lahat ng kaluluwa noon, ngayon at sa hinaharap na "tumatawag sa pangalan ng

PANGINOON"—tiyak man nilang narinig ang tungkol sa Panginoong Jesus o hindi—ay naliligtas sa pamamagitan Niya lamang.

Ang mapagpalang bungang agad nangyayari

1. MULA KAMATAYAN TUNGO SA BUHAY: "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang dumirinig ng aking salita, at sumasampalataya doon sa nagsugo sa akin, ay may buhay na walang hanggan, at hindi na papasok sa paghatol, kundi lumipat na sa buhay mula sa kamatayan" (Jn. 5:24).

2. MULA SA MALAYO TUNGO SA MALAPIT: "Datapuwa't ngayon kay Cristo Jesus kayo na nang una'y malayo ay inilapit sa pamamagitan ng dugo ni Cristo" (Eph. 2:13).

3. MULA PAGKAALIPIN TUNGO SA KALAYAAN: "Magsitibay nga kayo sa kalayaang ipinagkaloob sa atin ni Cristo, at huwag na kayong pasakop na muli sa pamatok ng pagkaalipin" (Gal. 5:1).

4. MULA KARUKHAAN TUNGO SA KAYAMANAN: "Sapagka't nakikilala ninyo ang biyaya ng ating Panginoong Jesucristo, na bagama't siya'y mayaman, gayon ma'y naging dukha dahil sa inyo, upang kayo'y yumaman sa pamamagitan ng kaniyang karukhaan" (2 Cor. 8:9).

5. MULA DAYUHAN TUNGO SA MAMAMAYAN: "Kaya nga ngayon ay hindi na kayo mga taga ibang lupa at manunuluyan, kundi kayo'y mga kababayan ng mga banal, at mga sangbahayan ng Diyos" (Eph. 2:19).

6. MULA KADILIMAN TUNGO SA LIWANAG: "Upang buksan ang kanilang mga mata, upang sila'y magsipanumbalik mula sa kadiliman hanggang sa

liwanag at mula sa kapangyarihan ni Satanas hanggang sa Diyos, upang sila'y magsitanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan at ng mana sa mga pinapaging-banal" (Acts 26:18).

7. MULA MAKASALANAN TUNGO SA MATUWID: "Siya na hindi nakakilala ng kasalanan ay inaring kasalanan dahil sa atin; upang tayo'y maging katuwiran ng Diyos sa kaniya" (2 Cor. 5:21).

8. MULA HINATULAN TUNGO SA INARING-GANAP: "Kaya nga kung paanong sa pamamagitan ng isang pagsuway ang hatol ay dumating sa lahat ng mga tao sa ikapapahamak; gayon din naman sa pamamagitan ng isang gawang matuwid ang malayang kaloob ay dumating sa lahat ng mga tao sa ikaaaring-ganap ng buhay" (Rom. 5:18).

9. MULA KAAWAY TUNGO SA KAIBIGAN: "At kayo, na nang nakaraang panahon ay mga hiwalay at mga kaaway sa inyong pagiisip dahil sa inyong masasamang gawa, gayon ma'y ngayo'y pinakipagkasundo" (Col. 1:21).

10. MULA NAWALA TUNGO SA NASUMPUNGAN: "Datapuwa't nararapat na tayo'y mangagkatuwa at mangagsaya: sapagka't patay ang iyong kapatid na ito, at muling nabuhay; at nawala, at nasumpungan" (Lk. 15:32).

Ang Krus sa Buhay ng Mananampalataya (Setyembre 2003)

Mula sa Uplook, Setyembre 2003. Artikulo.

Ano ang kahulugan nito sa ating araw-araw na buhay?

1. Ang papel ng krus sa pagtatalaga ng sarili: May humihila at nag-uudyok na kapangyarihan sa napakasaganang pagbibigay ni Cristo ng Kanyang buhay na gumigising sa mga mananampalatayang nag-iisip para "sumunod sa Kordero" saan man Siya manguna. "Kaya't si Jesus naman, upang pakabanalin ang bayan sa pamamagitan ng kaniyang sariling dugo, ay nagbata sa labas ng pintuan. Lumabas nga tayo patungo sa kaniya sa labas ng kampamento, na ating dalhin ang kaniyang kadustaan. Sapagka't tayo'y walang lunsod na namamalagi dito, kundi hinahanap natin ang darating" (Heb. 13:12-14). Iisa lang ang konklusyong mararating natin: "Siya'y namatay dahil sa lahat, upang ang mga nangabubuhay ay huwag nang mangabuhay pa sa kanilang sarili, kundi doon sa kaniya na dahil sa kanila ay namatay at nabuhay na maguli" (2 Cor. 5:15).

Ang papel ng krus sa personal na kabanalan at tagumpay laban sa kasalanan: Kung paanong tiyak na hinarap ni Cristo ang parusa ng kasalanan, gayundin sa Kanyang kamatayan Siya ang sagot sa nagngangalit nitong impluwensiya at sa sabwatan ng aking laman sa loob at ng sistema ng mundo sa paligid ko: "Ako'y napako sa krus na kasama ni Cristo; at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin: at ang buhay na ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay ikinabubuhay ko sa pananampalataya sa Anak ng Diyos,

na umibig sa akin, at ibinigay ang kaniyang sarili dahil sa akin... Datapuwa't malayo nawa sa akin ang lumuwalhati, maliban na sa krus ng ating Panginoong Jesucristo, na sa pamamagitan nito ang sanglibutan ay napako sa krus para sa akin, at ako'y para sa sanglibutan" (Gal. 2:20; 6:14). Kaya anuman ang pinagdaraanan kong pakikibaka ngayon, malinaw kung ano ang layuning kalalabasan: "Na nalalaman natin ito, na ang ating dating pagkatao ay napakong kasama niya, upang ang katawan ng kasalanan ay mapawi, upang tayo'y huwag nang paalipin pa sa kasalanan" (Rom. 6:6).

Ang papel ng krus sa paghubog ng pagkatao: Ang paglapit sa krus sa pananampalataya ay isang krisis na nagiging proseso: "Ngayon ang Diyos ng kapayapaan, na muling nagdala mula sa mga patay sa ating Panginoong Jesus, na dakilang Pastor ng mga tupa, sa pamamagitan ng dugo ng walang hanggang tipan, ay gawin kayong sakdal sa bawa't gawang mabuti upang gawin ang kaniyang kalooban, na gawin sa inyo ang nakalulugod sa kaniyang paningin, sa pamamagitan ni Jesucristo" (Heb. 13:20-21).

2. Ang papel ng krus sa pagpapahayag ng kasalanan: Mas mabuting gugulin ang oras sa krus sa pagsamba kaysa sa pagpapahayag ng kasalanan, pero kapag kailangan natin ng paglilinis, nakahanda ang Panginoon. Hindi panibagong paglalapat ng dugo ang kailangan natin kundi panibagong pagpapahalaga sa dugo. "Datapuwa't kung tayo'y nagsisilakad sa liwanag, gaya niya na nasa liwanag, ay may pakikisama tayo sa isa't isa, at ang dugo ni Jesus na kaniyang Anak ay lumilinis sa atin sa lahat ng kasalanan. Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, ay ating dinadaya ang ating sarili, at ang katotohanan ay wala sa atin. Kung

ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya upang ipatawad sa atin ang ating mga kasalanan, at upang tayo'y linisin sa lahat ng kalikuan" (1 Jn. 1:7-9). Hihikayatin tayo ni Pablo na kumilos agad; huwag nang hintaying madapa ka—lumuhod ka na sa paanan ng krus. Hindi ka magkakaroon ng buhay ng pagkabuhay na muli kung hindi ka muna makikiisa sa Kanyang kamatayan para sa atin: "Upang siya'y aking makilala, at ang kapangyarihan ng kaniyang pagkabuhay na maguli, at ang pakikisama ng kaniyang mga pagtitiis, na ako'y natutulad sa kaniyang kamatayan; kung sa anomang paraan ay makaabot ako sa pagkabuhay na maguli mula sa mga patay" (Phil. 3:10-11).

Ang papel ng krus sa pagsamba: Gusto ng mga relihiyoso ng Cristong walang krus o ng krus na walang Cristo. Ang iba namang bahagi ng mundo ay gusto na lang kalimutan si Cristo at ang krus. Pero narito tayo sa likod ng linya ng kaaway para itaas ang pulang-dugong bandila ng krus: "Sapagka't sa tuwing kakanin ninyo ang tinapay na ito, at iinumin ang saro, ay inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang sa siya'y dumating" (1 Cor. 11:26). Sang-ayon ang langit! "At ang bawa't bagay na nilalang na nasa langit, at nasa ibabaw ng lupa, at nasa ilalim ng lupa, at nasa ibabaw ng dagat, at ang lahat ng mga bagay na nasa mga ito, ay narinig kong nagsasabi, Sa nakaupo sa luklukan, at sa Cordero, ay ang pagpapala, at ang kapurihan, at ang kaluwalhatian, at ang paghahari, magpakailan kailan man" (Rev. 5:13).

Ang papel ng krus sa panalangin: Inihahayag ng krus ang kagandahang-loob ng puso ng Isang nilalapitan natin sa ating mga hiling: "Siya na hindi ipinagkait ang

kaniyang sariling Anak, kundi ibinigay dahil sa ating lahat, paanong di ibibigay naman niya sa atin na kasama niya ang lahat ng mga bagay?" (Rom. 8:32). Pero nagbibigay rin ang krus ng kahanga-hangang daan para makalapit: "Mga kapatid, yamang may kalakasan tayo ng loob na pumasok sa dakong banal sa pamamagitan ng dugo ni Jesus, sa daang kaniyang itinalaga sa atin, isang daang bago at buhay, sa pamamagitan ng tabing, sa makatuwid baga'y ng kaniyang laman; at yamang may isang dakilang saserdote sa bahay ng Diyos; ay magsilapit tayong may tapat na puso, na may lubos na katiyakan ng pananampalataya, na ang ating mga puso ay nangawisikan mula sa isang masamang budhi, at ang ating katawan ay nahugasan ng dalisay na tubig" (Heb. 10:19-22).

Ang papel ng krus sa pag-eebanghelyo: Ano pang ibang ebanghelyo ang sulit ipangaral? Wala! Ano pang ibang paniniwala ang nag-aalok ng Tagapagligtas? Wala! Sino pa maliban kay Cristo ang makapagliligtas nang lubusan? Wala! "Ipinangangaral namin si Cristo na napako sa krus, na sa mga Judio ay katitisuran, at sa mga Gentil ay kamangmangan; nguni't sa mga tinawag, maging mga Judio at mga Griego, ay si Cristo ang kapangyarihan ng Diyos, at ang karunungan ng Diyos" (1 Cor. 1:23-24). Tulungan nawa tayo ng Diyos na ibalita sa ating mundo si Cristo na minsang ipinako pero ngayon ay nabuhay na muli at itinaas—walang kulang, walang labis, walang iba: "...[Kami ay] mangaral ng ebanghelyo: hindi sa karunungan ng mga salita, baka mawalan ng kabuluhan ang krus ni Cristo" (1 Cor. 1:17).

Ang papel ng krus sa ating pakikitungo sa isa't isa: Wala nang mas matinding paraan para sabihin ito ng Panginoon, hindi ba! "At kayo'y magmagandang-loob sa

isa't isa, mga mahabagin, mangagpatawaran kayo sa isa't isa, gaya naman ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos alang-alang kay Cristo... Mga lalake, ibigin ninyo ang inyong mga asawa, gaya naman ni Cristo na umibig sa iglesia, at ibinigay ang kaniyang sarili dahil sa kaniya" (Eph. 4:32; 5:25). Siya ang nagbibigay ng halimbawang susundan at ng dahilan para gawin ito. "Kayo'y mangagtiisan sa isa't isa, at mangagpatawaran sa isa't isa, kung ang sinoman ay may sumbong laban kanino man; na gaya naman ng pagpapatawad sa inyo ng Panginoon, ay gayon din naman ang gawin ninyo" (Col. 3:13). Kailangan ba natin ng kapayapaan sa isa't isa? Siya ang pinagpalang Tagapamayapa. "Sapagka't ipinasiya kong huwag akong makaalam ng anoman sa inyo, maliban na si Jesucristo, at siya na napako sa krus" (1 Cor. 2:2). Tingnan din ang Eph. 2:13-16.

Ang papel ng krus sa pagtitiis at paghihirap: Pakiramdam mo ba'y lulubog ka na? Napakabigat ng pasaning dinala Niya! Pakiramdam mo ba'y hindi mo na kaya? Napakahabang takbuhin ang tinakbo Niya! "Kaya't yamang tayo'y nakukulong ng gayong kalaking bilang ng mga saksi, ay magsipagbitiw tayo ng bawa't pasan, at ng kasalanang napakadaling pumipigil sa atin, at takbuhin natin na may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan natin, na ang ating tingin ay ituon kay Jesus na gumawa at sumakdal ng ating pananampalataya, na dahil sa kagalakang inilagay sa harap niya ay nagtiis ng krus, na niwalang-halaga ang kahihiyan, at umupo sa kanan ng luklukan ng Diyos" (Heb. 12:1-2). Sasabihin pa ng manunulat: "Hindi pa kayo nakikipaglaban hanggang sa dugo" (v. 4). Pero Siya, oo! Kung titingin ka sa Kanya, hindi ka na

makakatingin pababa. Kailangan mong tumingin sa langit, dahil naroon Siya.

Ang papel ng krus sa pangangasiwa (stewardship) at mabubuting gawa: Sabi ni Pablo kay Tito, iyon mismo ang punto! Para pagalingin tayo sa mga gawang ayon sa sariling kagustuhan at para sa sarili nating layunin, at mabihag tayo sa paggawa ng mabuti: "Na siyang nagbigay ng kaniyang sarili dahil sa atin, upang tayo'y matubos niya sa lahat ng kasamaan, at linisin sa ganang kaniya ang isang bayang kaniyang sariling pag-aari, na masikap sa mabubuting gawa" (Titus 2:14). Imposibleng maging kuripot sa pagbibigay kung pupunta muna tayo sa krus at itatanong sa Panginoon kung magkano ang dapat nating ibigay. Magkano ba ang ibinigay Niya? "Magbigay ang bawa't isa ayon sa ipinasiya ng kaniyang puso: huwag mabigat sa loob, o dahil sa kailangan: sapagka't iniibig ng Diyos ang nagbibigay na masaya... Salamat sa Diyos dahil sa kaniyang kaloob na di masabi" (2 Cor. 9:7, 15). Pero hindi lang halimbawa ang ibinibigay Niya; binibigyan din Niya tayo ng kakayahan: "Gaano pa kaya ang dugo ni Cristo, na sa pamamagitan ng walang hanggang Espiritu ay inihandog ang kaniyang sarili na walang dungis sa Diyos, ay maglilinis ng inyong budhi sa mga patay na gawa upang maglingkod sa Diyos na buhay?" (Heb. 9:14).

Kaya sa buhay man o kamatayan, hayaan akong kumuha
Ng aking lakas at aliw mula sa bukal na ito:
Na Siyang nabubuhay upang maging aking Hari
Ay minsang namatay upang maging aking Tagapagligtas.
—Dora Greenwell

Mahalaga ang mga Detalye (Oktubre 2003)

Mula sa Uplook, Oktubre 2003. Editoryal.

Minsan, ang mga bagay na parang maliit ay may malaking epekto.

Nang maghanda si Solomon na itayo ang templo, isang angkop na tahanan para sa lubos na maluwalhating Diyos, ipinaliwanag ang mga detalye ng plano:

Ngayo'y aking ipinaghanda ng aking buong kaya ang bahay ng aking Diyos, ang ginto na ukol sa mga bagay na ginto, at ang pilak na ukol sa mga bagay na pilak, at ang tanso na ukol sa mga bagay na tanso, ang bakal na ukol sa mga bagay na bakal, at ang kahoy na ukol sa mga bagay na kahoy; mga batong onix, at mga batong pangkalupkop, mga batong makinang, at may sarisaring kulay, at lahat na sarisaring mahalagang bato, at mga batong marmol na sagana (1 Chron. 29:2).

Sa palagay ko, may tatlong malinaw na aral tayong makukuha sa listahang ito ng mga materyales na gagamitin sa napakagandang tahanan ni Jehova sa lupa.

Una, kailangang alam ng hari ang pagkakaiba ng mga bagay na kahoy at mga bagay na ginto. Paulit-ulit na tukso sa pagtatayo ng templo na paghaluin ang mga ito, at hindi lang ito noong panahon ni Solomon. Sa katunayan, si Pablo, makalipas ang isang libong taon, ay nagbigay ng sarili niyang tagubilin sa pagtatayo ng templo sa "...lahat ng nagsisitawag sa bawa't dako sa pangalan ng ating Panginoong Jesucristo" (1 Cor. 1:2). Ito ang isinulat niya:

Ayon sa biyaya ng Diyos na ibinigay sa akin, na gaya ng matalinong punong tagapagtayo ay inilagay ko ang pinagsasaligan; at iba ang nagtatayo sa ibabaw nito. Datapuwa't ingatan ng bawa't tao kung paano ang pagtatayo niya sa ibabaw nito. Sapagka't sinoma'y hindi makapaglalagay ng ibang pinagsasaligan kundi ang nalalagay na, na ito'y si Jesucristo. Datapuwa't kung ang sinoman ay nagtatayo sa ibabaw ng pinagsasaligan ng ginto, pilak, mahahalagang bato, kahoy, damo, dayami; ang gawa ng bawa't isa ay mahahayag: sapagka't ang araw ang magsasaysay, sapagka't sa apoy mahahayag; at ang apoy rin ang susubok sa gawa ng bawa't isa kung ano ang uri nito. Kung ang gawa ng sinoman na itinayo niya sa ibabaw nito ay manatili, ay tatanggap siya ng gantimpala (1 Cor. 3:10-14).

Malinaw na mahalaga pa rin kung paano natin itinatayo ang templo ng Panginoon ngayon, sapagkat, gaya ng pagtatapos ni Pablo, "Kung ang gawa ng sinoman ay masunog, ay malulugi siya: nguni't siya rin ay maliligtas; gayon ma'y tulad sa pamamagitan ng apoy. Hindi baga ninyo nalalaman na kayo'y templo ng Diyos, at ang Espiritu ng Diyos ay nananahan sa inyo?" (1 Cor. 3:15-16). Kaya napakahalaga na gawin natin ang mga bagay sa paraang nakalulugod sa mapagpalang Espiritung nananahan sa atin.

Pero may ikalawang aral din na mabuting pansinin. Huwag gawing ginto ang mga bagay na kahoy. Sa madaling salita, huwag palakihin ang isang bagay nang higit sa pagtingin ng Diyos dito. Gaano kadalas sinundan ng ganitong tukso ang landas ng kasaysayan ng Iglesia. Hindi pare-pareho ang halaga ng lahat ng bagay sa paningin ng Diyos. Puwedeng sobrang dami ng oras ang gugulin natin sa pagtatalo tungkol sa panahon ng

pagdating ng Panginoon kaya nawawala na ang kagalakan ng pag-asa sa Kanyang pagdating. May panganib na makilala lang tayo dahil sa ating mga kakaibang gawi. Puwede nating gawing malaking bagay ang pantakip sa ulo pero maliit na bagay ang praktikal na pagiging Ulo ng Panginoon; puwede tayong makilala bilang mga "napakaingat sa pagpipira-piraso ng tinapay, pero hindi gaanong maingat sa pagdurog ng puso ng iba." Puwedeng maingat nating sundin ang mahahalagang gawaing binanggit sa Acts 2:42, pero makalimutan ang mga gawaing nakatala sa natitirang bahagi ng kabanata—ang pag-ibig sa isa't isa sa praktikal na paraan, ang pagbabahagi ng ating oras at ari-arian sa isa't isa. Puwede tayong makilala sa ating katapatan sa katotohanan pero hindi sa ating pag-ibig at kabaitan, o sa ating "kagalakan at katapatan ng puso" (v. 46).

Pero gusto kong idagdag agad ang ikatlong aral mula sa checklist ni Solomon. Ang mga bagay na tanso at bakal ay may lugar din sa templo gaya ng ginto at pilak. Hindi nga sila kasinghalaga, o marahil hindi kasingganda sa paningin. Pero kailangan din silang magkaroon ng lugar para maging kumpleto ang templo. Gaya ng sinabi ng Panginoon sa mga Fariseo, "Sapagka't nagbibigay kayo ng ikapu ng yerbabuena at ng anis at ng komino, at inyong pinabayaan ang lalong mabibigat na bagay ng kautusan, ang katarungan, at ang kahabagan, at ang pananampalataya: datapuwa't dapat ninyong gawin ang mga ito, at huwag pabayaang di gawin ang mga yaon" (Mt. 23:23). Tulungan nawa tayo ng Panginoon na "mag-ingat" sa ganitong mga detalye sa proyektong pagtatayong ibinigay sa atin ng Diyos.

Libingan ng mga Misyonero (Oktubre 2003)

Mula sa Uplook, Oktubre 2003. Artikulo.

Nakakahanap ng pag-asa ang mga Kristiyano sa pinakadi-inaasahang lugar.

Ang Japan, gaya ng ibang bansang matigas sa ebanghelyo, ay tinawag na libingan ng mga misyonero. Patalinghaga na ang ibig sabihin nito ngayon, na naglalarawan sa isang bansa kung saan madalas malanta ang pangarap ng mga misyonero ng malalaking gawa para sa Diyos, kung saan maagang namamatay ang pag-asa, at kung saan parang hindi sinasagot ang mga panalangin. Siyempre, may mga panahon sa kasaysayan ng Japan na literal na literal ang mga salitang "libingan ng mga misyonero."

Pinaniniwalaang may anyo ng Kristiyanismo na nakarating sa Malayong Silangan, posibleng sa Japan, noong unang bahagi ng 600s. Tiyak na may mga iglesia nang naitatag ang mga misyonerong Nestorian* sa China noong panahong iyon. Pero hindi nag-ugat ang ebanghelyo sa puso ng mga Hapon. Sa halip, noong huling bahagi ng ika-6 na Siglo, ang pilosopiyang Indian na Budismo ay napag-isa sa isang hindi banal na pagsasama sa Shintoismong maraming diyos, at binalot nito ang isip ng mga tao sa Japan sa halos tuloy-tuloy na kadiliman sa sumunod na isang libong taon. Mukhang noong 1549 lang may kaunting liwanag na tumagos sa espirituwal na kadiliman sa Japan. Nang taong iyon, dumating ang Portuges na Heswitang si Francis Xavier, dala ang mensahe ng iisang tunay na Diyos, pero may

ebanghelyong binaluktot ng ritwalismo ng Roma. Dalawang taon lang nanatili si Xavier, dahil kumbinsido siyang kung magbabalik-loob ang mga Hapon, dapat itong dumaan sa China. Namatay siya sa Macau nang sumunod na taon (1552). Pagsapit ng unang bahagi ng 1600s, marahil 300,000 Hapon ang nagsasabing Kristiyano sila; imposibleng malaman kung ilan ang tunay na mananampalataya. Pero nabahala ang mga namumunong shogun, kumbinsidong ang mga gawaing misyonero ay balatkayo lang ng imperyalismong Kanluranin; ipinasya nilang durugin ang bagong relihiyong ito. Sa isang kabanatang hindi gaanong kilala sa kasaysayan ng Iglesia, sa sumunod na 250 taon ay walang-awang inusig ang mga nagpapahayag na Kristiyano sila. Marami sa mga umaangkin kay Cristo ang ipinako rin sa krus, madalas kasama ang buong pamilya nila. Ang iba ay sinunog sa tulos, pinakuluan nang buhay, o nilunod. Sinasabi ng ilang iskolar na ito ang pinakamatagal at pinakamalupit na pag-uusig sa kasaysayan. Hindi pinawalang-bisa ang mga batas laban sa Kristiyano hanggang 1873—dahil sa matinding presyon ng ibang bansa. Pagsapit ng 1880, nailathala ang Bagong Tipan sa wikang Hapon, at sumunod ang Lumang Tipan noong 1887. Dumating noong 1888 si William G. Smith, na isinugo (commended) ng isang assembly sa Bath, England. Hindi nagtagal, sumunod ang iba. Ngayon, may marahil 160 assembly sa bansa, at patuloy na lumalago ang gawain.

Pero malaki ang naging kapalit. Isinulat ni Dr. Eitel, kilalang pinuno ng Changsa Hospital: "Sa Japan, higit pa kaysa sa China, nakapatong ang mabigat na impluwensiya ng mga demonyo. Palaging nakalantad ang ating mga misyonero roon sa di-nakikitang pag-

atakeng ito. Ito... ay palaging banta sa Kristiyanong manggagawa. Nang hindi niya namamalayan, nauubos ang lakas ng damdamin at isip ng misyonero, at labis na nasusubok ang kanyang pananampalataya. Kaya dumarating ang... nervous breakdown, at mabilis na pagkapagod" (sinipi sa That the World May Know, Vol. 7, p. 368).

Pero may pag-asang matatagpuan kahit sa isang libingan. Kamakailan, habang bumibisita sa resort town ng Karuizawa, mga 50 milya hilagang-kanluran ng Tokyo, napadaan ako sa isang "Foreigner's Cemetery." Napapalibutan ito ng isang malaking sementeryong Hapon na puno ng mga dambanang Budista para sa mga patay. Dinala ako ng daan sa isang mahabang paikot na lakad lampas sa daan-daang alaala ng kawalang-laman ng paganong pagsamba. Puwedeng isulat sa ibabaw ng lahat ng ito ang mga salitang: "...walang Cristo,... na walang pagasa at walang Diyos sa sanglibutan" (Eph. 2:12). Kaya laking ginhawa ko nang marating ko ang maliit na bahaging napapaderan para sa mga "Dayuhan." Naku, ibang-iba! Walang mga dambana; walang bulaklak para payapain ang mga ninuno; walang pagkain para sa kanilang diyos. Sa halip, nakaukit sa mga puntod ng matatapang na misyonero, at ng kanilang mga anak—ang ilan ay ilang araw pa lang ang edad—ang mga salitang tulad nito: "Kasama ni Cristo, na lalong mabuti"; "Natutulog kay Jesus"; "Nasa Tahanan Na"; "Oh libingan, saan naroon ang iyong tibo?" at iba pang malakas na pahayag ng tagumpay ng Tagapagligtas. Ang ganitong mensahe ng lubos na katiyakan lampas sa kamatayan ang tanging pag-asa ng Japan—at ng buong mundo.

* Si Nestorius (namatay 451) ay nasangkot sa maagang debate tungkol sa persona ni Cristo. Tumanggi siyang sang-ayunan ang terminong theotokos ("ina ng Diyos") para kay Maria. Iginiit niyang hindi ang pagka-Diyos ang ipinanganak ni Maria kundi "isang tao na naging kasangkapan ng pagka-Diyos." Tinanggihan ang kanyang turo dahil masyado nitong pinaghiwalay ang pagka-Diyos at pagkatao ni Cristo.

Gawin ang Susunod na Bagay (Oktubre 2003)

Mula sa Uplook, Oktubre 2003. Artikulo.

Ano ang kailangan sa panahong ito?

Napakapalad ni David na may mga tao sa kanyang kaharian "na may unawa sa mga panahon, upang maalaman kung ano ang marapat gawin ng Israel" (1 Chron. 12:32). Kaya hindi nakapagtatakang nagtatapos ang talata sa mga salitang ito: "at ang lahat nilang kapatid ay nasa kanilang utos."

Hindi sapat na kumapit sa apat na gawaing binanggit sa Acts 2:42 at maniwalang dahil dito ay kuwalipikado na ang ating lokal na iglesia bilang isang "New Testament assembly." Hindi ka magkakaroon ng New Testament assembly kung walang buhay na gaya ng sa Bagong Tipan. Makikita ang buhay na ito sa maraming paraan, gaya ng pisikal na buhay. Ang batang lumalaki ay laging may natututunang bago, laging gutom sa masustansiyang pagkain, at ginagamit ang lakas mula sa pagkaing iyon sa paggalaw at paglalaro. May sigla sa buhay ang bata at kagalakan sa pagtuklas. Dapat may paglago sa mapagmahal na relasyon, lumalaking kakayahang magtrabaho, at lumalalim na malasakit sa pangangailangan ng iba.

Ganyan ba ang inyong assembly? Tiyak na ganyan ang mga iglesia sa Acts. Kaya kung hindi ganito ang kalagayan, may magagawa pa ba?

Ipinapakita ng sumusunod na graph ang tatlong mahahalagang sangkap para sa espirituwal na pag-unlad, na lahat ay ibinibigay ng Diyos.

1. MGA PANGANGAILANGAN Ang pag-unawa sa ating mga espirituwal na pangangailangan ay ibinibigay ng Panginoon ng mga iglesia na lumalakad sa gitna ng mga ilawan, at sinusuri ang bawat isa: "Nalalaman ko ang iyong mga gawa."

2. MGA KAYAMANAN Ang tamang pagtataya sa ating mga espirituwal na kayamanan ay dumarating sa pag-unawa kung paanong tayo ay "pinagpala [ng Ama] ng bawa't pagpapalang ayon sa espiritu sa sangkalangitan kay Cristo."

3. PANANAW Ang pananaw (vision) ay hindi likas na pagkamalikhain, kundi ang pagtingin sa mga bagay gaya ng pagtingin ng nagbibigay-liwanag na Espiritu sa sitwasyon (kung ano talaga ito) at kung ano ang dapat gawin tungkol dito.

* Hindi mo magagawa ang lahat nang sabay-sabay! Dito mo matatagpuan ang susunod na bagay na dapat gawin.

Tingnan kung ano ang nangyayari kapag isa o dalawa lang sa mga sangkap ang nauunawaan:

MGA PANGANGAILANGAN nang walang KAYAMANAN o PANANAW = KAWALAN NG PAG-ASA

Kapag problema lang ang nakikita at hindi nauunawaan ang mga kayamanang taglay natin sa Diyos, nawawalan ng pag-asa ang mga mananampalataya.

MGA KAYAMANAN nang walang PANGANGAILANGAN o PANANAW = KAPALALUAN

Ang maging abala sa ating mga kayamanan pero hindi kailanman makita ang mga pangangailangan ay ang problema ng Laodicea: "mayaman... at wala nang kailangan."

PANANAW nang walang PANGANGAILANGAN o KAYAMANAN = KAWALAN NG BUNGA

May mga gustong magbukas ng bagong landas para sa Diyos pero walang unawa sa pangangailangan ng bayan ng Diyos. Maraming ingay pero walang nangyayari.

PANGANGAILANGAN at KAYAMANAN nang walang PANANAW = HINDI PAGKILOS

Ang hindi pag-unawa sa ginagawa (o gustong gawin) ng Espiritu ngayon ay pumipigil sa atin na makipagtulungan sa Kanya.

KAYAMANAN at PANANAW nang walang PANGANGAILANGAN = PAG-AAKSAYA

Puwede nating maunawaan ang ating mga kayamanan at gustong sumulong, pero kung hindi natin alam ang mga pangangailangan, nasasayang lang natin ang mga pagkakataon.

PANANAW at PANGANGAILANGAN nang walang KAYAMANAN = PAGKABIGO

May mga nakakakita ng pangangailangan ng iglesia at gustong tumulong pero bulag sa kahanga-hangang kagamitang inihanda ng Diyos para gamitin nila.

PANGANGAILANGAN at KAYAMANAN at PANANAW = ANG SUSUNOD NA DAPAT GAWIN

Kapag ipinakita na sa atin ng Anak—"ang dakilang Pastor ng mga tupa"—ang mga pangangailangan ng Kanyang bayan, at inilahad na ng "Ama ng mga ilaw, na

pinagmumulan ng bawat sakdal na kaloob" ang Kanyang mga kayamanan, at ibinigay na sa atin ng Espiritung "kasama ninyo" at "nasa inyo" ang pananaw ng Langit sa daang tatahakin, saka natin pribilehiyo, at tunay na tungkulin, na masunuring kumilos nang umaasa sa Panginoon, kasama ang mga mananampalatayang kaisa natin ng isip, at para sa kaluwalhatian ng Diyos.

Ang Katotohanan Tungkol sa Isang Kasinungalingan (Nobyembre-Disyembre 2003)

Mula sa Uplook, Nobyembre-Disyembre 2003. Editoryal.

Isa ito sa mga paborito ng diyablo.

Minsan mahirap malaman kung kailan tayo naniwala sa kasinungalingan ng diyablo at kung kailan tayo nalinlang ng sarili nating mapandayang puso. Siyempre, binabalaan tayo ng Kasulatan na huwag idahilan ang sarili sa pamamagitan ng pagsisi sa iba sa sarili nating mga kasalanan (tingnan ang Jas. 1:13-14). Pero walang duda na ang diyablo ay "sinungaling, at ama nito" (Jn. 8:44), at sa 6000 taon ng karanasan, hasang-hasa na ang kanyang galing sa panlilinlang.

Isa sa mga masasamang espesyalidad ng manlilinlang ay nakasaad sa 2 Corinthians 4:4: "Na binulag ng diyos ng sanglibutang ito ang mga pagiisip ng mga hindi nagsisisampalataya, upang huwag silang liwanagan ng kaliwanagan ng evangelio ng kaluwalhatian ni Cristo, na siyang larawan ng Diyos." Ang sinumang sangkot sa pag-eebanghelyo ay paulit-ulit na nakakarinig ng mga kasinungalingang ginagamit niya. "Bata ka pa; marami ka pang panahon para maligtas." "Masyado kang masama; ayaw ng Diyos sa taong tulad mo." "Hindi ka perpekto pero mas mabuti ka kaysa sa maraming tao; isipin mo ang lahat ng mabubuting nagawa mo. Hindi na hihingi ng higit pa riyan ang Diyos." Napakadaling hulaan ng mga kasinungalingang ito, pero patuloy itong ginagamit ng diyablo dahil umuubra.

Nagbabababala rin ang apostol na puwede tayong maging kasabwat sa paglalayo sa mga tao kay Cristo. Sa halip na ang isip ng mga hindi sumasampalataya ang "matalukbungan," ang ebanghelyo ang matatalukbungan natin. "Datapuwa't kung ang aming evangelio ay natatago pa (natatalukbungan), ay natatago sa mga napapahamak" (4:3). At dito mismo nagpapakain ang diyablo ng kasinungalingan sa bayan ng Diyos. "Walang silbing magpatotoo ngayon," sabi niya. "Walang interesadong makinig tungkol sa Diyos mo, o magtiwala kay Jesus mo."

Kababalik ko lang noon sa U.S. pagkatapos ng dalawampu't apat na araw sa Japan, at aalis na naman agad para sa tatlong linggo sa U.K. Wala akong nakitang dahilan para dalawang beses ayusin ang body clock ko. Kaya nagpasya akong sa ilang araw na nasa bahay ako, gigising ako nang 2:30 tuwing umaga. Sa ganitong paraan, handa na ako sa 7:30 AM na wake-up call pagdating ko sa Scotland.

Papunta sa opisina ng Uplook nang unang umagang iyon sa Grand Rapids, dumaan ako sa isang 24-hour na pancake restaurant. Alas-3 pa lang ng madaling-araw nang pumasok ako. Hindi nakapagtatakang ako lang ang tao roon. Ang waitress, isang dalagang nagngangalang Michelle, ay nagtanong kung night shift ba ang trabaho ko. Maikli kong ipinaliwanag sa kanya ang Japan/ Scotland kong iskedyul.

"Nagbibiyahe po ba kayo para sa negosyo?" tanong niya. "Oo," sagot ko, "pero sa negosyo ko, hindi ako nagbebenta ng mga bagay; ipinamimigay ko ang mga ito." Nagulat siya at nagtanong, "Misyonero po ba kayo?" "Tama ang hula mo! Ano ang alam mo tungkol sa

mga misyonero?" Napaisip siya. "Wala po talaga. Sobrang busy ng mga magulang ko kaya hindi kami nagsisimba. Hindi pa ako nagkaroon ng sariling Biblia. Pero alam kong kailangan ko ang Diyos sa buhay ko." Nagtanong siya kung okay lang na maupo siya sa mesa para makipag-usap. Tatlumpung minuto kaming nag-usap nang walang istorbo tungkol sa mga bagay ng Diyos. Nangako akong dadalhan ko siya ng Biblia. Sabi niya, nandoon ulit siya makalipas ang dalawang araw.

Pagdating ko ulit nang alas-3 ng madaling-araw gaya ng ipinangako ko, tuwang-tuwa si Michelle na matanggap ang kanyang Biblia, at nagulat siyang bumalik ako. Pero may customer na siya, kaya ibang waitress, si Kellee, ang lumapit para pagsilbihan ako.

"Ikinuwento po sa akin ni Michelle ang sinabi ninyo sa kanya noong isang araw," sabi niya. "Puwede po ba akong magtanong? Paano po ninyo nalalaman kung kailan kayo dapat magsalita sa isang tao tungkol sa Diyos?"

Nabigla ako sa tanong, at nagsimula akong magbigay ng paikot-ikot na paliwanag tungkol sa pangunguna ng Diyos at sa pag-uudyok ng Banal na Espiritu. Pero nakita ko sa mukha niya na sablay na sablay ako.

Pagkatapos ng sandaling pag-aalinlangan, sinabi niya, "Kasi po, napaisip lang ako, kasi pumunta po kayo rito noong isang araw, at ako ang nagsilbi sa inyo, at hindi naman po kayo nagsalita sa akin tungkol sa Diyos."

Hindi niya sinadyang makasakit, pero hanggang ngayon ramdam ko pa ang hapdi. Alam kong palagi akong nakakasalubong ng mga taong gustong makarinig tungkol sa Panginoon. Kung ang mga paa ko ay "may panyapak na paghahanda ng evangelio ng

kapayapaan" (Eph. 6:15), gagamitin ako ng Panginoon. Tulungan nawa ako ng Diyos na huwag talukbungan ang ebanghelyo!

Ang Sining ng Pagbaba (Nobyembre-Disyembre 2003)

Mula sa Uplook, Nobyembre-Disyembre 2003. Artikulo.

Ilang taon na ang nakararaan, nagkaroon ang pamilya namin ng ilang araw na pahinga sa tabing-dagat. Ang (noo'y) anim na taong gulang naming anak ay gustong subukang magpalipad ng saranggola. Kaya pumunta kami sa tindahan ng saranggola at buong pagmamalaking bumili ng isang magandang saranggolang kulay-bahaghari. "Nasa loob ng pakete ang lahat ng instructions," sabi ng nakangiting tindera. Gusto kong makasiguro, dahil mahigit 30 taon na ang lumipas mula nang mawala ang huli kong saranggola sa isang malaking puno ng oak malapit sa bahay namin.

Kinaumagahan, masaya kaming dalawa na pumunta sa beach dala ang saranggola, 500 talampakang pisi at malaking pag-asa. Siksikan na ang beach at ilang minuto pa bago kami nakahanap ng maluwag na lugar para paliparin ito. Si Daddy ang may hawak ng pisi; ang munting nakangiting si Moira ang may hawak ng kanyang saranggolang bahaghari. Tuloy-tuloy ang ihip ng hangin sa likod ko habang lumilipad ang saranggola.

Huwag masyadong maraming pisi, sabi ko sa sarili habang pinapanood itong umaakyat sa isang di-nakikitang hagdan ng hangin papunta sa araw. Sabi ng instructions, luwagan pa ang pisi kapag nagsimulang sumisid ang saranggola. Patuloy itong sumisid at patuloy ko itong binibigyan ng pisi. Tuwing bumubulusok ito, naiisip kong tatamaan nito ang isang malaking abogado mula New York na nagbibilad sa beach habang

nagpapagaling mula sa operasyon sa tiyan. Natataranta na ako; tumutulo na ang pawis sa noo ko. Libu-libong tao sa beach ang payapang nagbibilad, walang kamalay-malay na sa itaas nila sa langit ng umaga ay umaaligid ang aking "killer kite."

Nag-panic ako nang maabot ko na ang dulo ng pisi. Huli na nang malaman kong itinuro lang ng instructions kung paano paliparin ang saranggola, pero hindi KUNG PAANO ITO IBABABA! Ang tanging solusyon ay habulin ito sa dalampasigan, habang sinusubukang irolyo ang pisi nang hindi ginagambala ang kalayaan nito. Ang kailangan ko lang gawin ay hawakan ang pisi sa isang kamay, irolyo ito sa kabila, tumakbo nang mas mabilis kaysa sa saranggola, at iwasan ang mga estrangherong nakahiga sa beach.

Doon ko natuklasan na habang itinataas ng saranggola ang sarili nito nang tig-iisang talampakan, ibinababa ko naman ito nang tig-iisang pulgada. Napakatagal pala mag-rolyo ng limandaang talampakang pisi nang pulga-pulgada.

Habang hinihingal akong nakatayo sa tabi ng saranggolang hindi na lumalaban, dumating sa akin ang aral. Kamukhang-kamukha ko pala ang saranggolang iyon. Napakabilis kong tumanggap ng papuri; napakabagal tumanggap ng pagtutuwid. Mabilis kong sinusunggaban ang mga pagkakataong umangat; napapabayaan naman ang mga pagkakataong maglingkod na nasa paligid ko lang. Gaya ng saranggola, hinihila ko ang pumipigil sa akin, sabik na makalaya, nang hindi namamalayang ang "kalayaan" mula sa Isang may hawak sa akin ay nangangahulugang pagiging nasa awa ng bawat salungat na hangin.

Si Pedro, na natuto mula sa Panginoon ng sining ng pagbaba, ay sumulat: "Kayong lahat ay magbigkis ng kapakumbabaan: sapagka't ang Diyos ay sumasalangsang sa mga palalo, datapuwa't nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba. Kayo nga'y mangagpakababa sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Diyos, upang kayo'y kaniyang itaas sa kapanahunan" (1 Pet. 5:5-6). Kapag naramdaman mo ang hila ng Kanyang kamay sa pisi ng iyong buhay, sumuko ka sa Kanyang kalooban at matutunan ang matamis na pagpapala ng sining ng pagbaba.

Nasa Panganib (Nobyembre-Disyembre 2003)

Mula sa Uplook, Nobyembre-Disyembre 2003. Artikulo.

Pangingisda, pagsasaka, pakikipaglaban, pananalapi—bawat larawang ginamit ni Jesus tungkol sa Kanyang gawain ay nagpapahayag ng panganib na kasama sa plano

Hindi natin ito gaanong naiisip, siguro, pero mapanganib na bagay ang Pasko. Mapanganib para sa isang dalagang nagdadalang-tao sa unang pagkakataon na mapalayo sa pamilya sa ganoong kalagayan. Mapanganib ding bumiyahe, lalo na sa baku-bakong daan, at wala pang mga medical personnel na malapitan. At napakaruming lugar! Pero hindi pa iyon ang kalahati. Isipin ang panganib na hinarap ng mga pantas sa paglalaan ng ilang buwan sa pagsunod sa... isang bituin? Saan sila nito dadalhin? Sa mapanganib na lupain tiyak, at papasok (at palabas) sa mga kamay ni Herodes (at ng Kaaway na nasa likod niya). Isipin na lang ang lahat ng pag-asa ng sangkatauhan, ang katuparan ng kalooban ng Diyos, at ang pagtupad ng mga hula sa Kasulatan na nakasalalay sa munting Sanggol na iyon, na hinanap para patayin sa paghahanap na napakalupit kaya pinatay ang isang buong henerasyon ng mga bata sa walang-saysay na pagtatangkang patayin Siya. Oo, napakapanganib na bagay ang magpasikat ng liwanag sa isang mundong kung saan "inibig ng mga tao ang kadiliman kaysa ang ilaw; sapagka't masasama ang kanilang mga gawa" (Jn. 3:19), kung saan ang "mabagsik na Prinsipe ng kadiliman" ay masigasig sa kanyang mga pakana para

patayin ang Liwanag na iyon. At nang sa wakas, matapos Niyang paliwanagin ang Kanyang mabubuting sinag sa mga "nakaupo sa kadiliman" at bilang "ilaw na tatanglaw sa mga Gentil," nang tangkain nilang patayin nang minsanan at magpakailanman ang Liwanag na iyon sa lugar na tinatawag na Kalbaryo, tila nabigo ang plano ng Diyos. Kahit ang mga alagad ay ganoon ang akala. Pero noon, "nang sumikat ang araw" (Mk. 16:2) sa unang araw ng sanlinggo, muling sumikat ang Liwanag sa madilim at mapanglaw na abot-tanaw ng kawalang-pag-asa ng tao. Nasalamin ito sa mukha ng Kanyang namamanghang mga alagad, at ganoon na ito mula noon. Ngayon, maliliit na ilaw na naghahayag ng Kanyang kaluwalhatian ang kumikislap sa kadiliman sa buong tanawin ng sangkatauhan. At ang Liwanag ang magtatagumpay sa huli. Kaya hindi na dapat nakapagtataka na mapanganib pa ring bagay ang "paliwanagin ang inyong ilaw." Pero ito ay panganib na dapat harapin kung ililigtas ng Liwanag na iyon ang mga napapahamak.

© Uplook Ministries. Ginamit nang may pahintulot. Isinalin sa Tagalog ng KEE Philippine Missions.